# Prosopograpiya sa Kilusang Maralita ng Tundo

**Nancy Kimuell-Gabriel**


## Abstract

Prosopography refers to the study of biographies with the goal of learning about patterns of activities and relationships within a historical period. This paper is about the three old women of Tondo, whose lives were once linked by a common struggle for land, housing and emancipation from poverty. They are Trinidad Herrera (known as Ka Trining), the feisty and first leader of Zone One Tondo Organization (ZOTO); Leona Zarzuela (Ka Leleng), the current national president of Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY), and Felicitas Guazon (Ka Feling), former member of Pambansang Kaisahan ng Maralitang Tagalunsod (PKML) whose husband, Eduardo Guazon, its president, died in the line of duty.

They are bound by a common historical context of migration from the Visayas to Manila after the Second World War, finding refuge in Tondo, and becoming true Tondeñas in the process. In Tondo, they soon found out the harsh realities of city-life: without homes, no food on the table, and a hard life made more dangerous by frequent demolition campaign by the government against "illegal" city dwellers. They hardly knew each other in the beginning. Soon, they joined neighbourhood associations and met. They found themselves in common urban poor mass movements. The rest is a history of reaching out to others, helping one another and finally, dedicating themselves to advance the struggle for land, housing, jobs and justice.

Together with original people of Tondo, they lived in the place like true-blooded Tondeñas, oftentimes sharing the difficulty and pains of being regarded as the poorest of the poor. However, these women mustered enough strength and courage, became not only members of their respective organization but two of

them, Ka Trining and Ka Leleng, even led their organizations to the forefront of the struggle. Theirs are often regarded as the toughest and most militant in the history of urban poor struggle. Ka Feling on the other hand, did not become a leader, but her husband's leadership in KPML, would not have been possible without Ka Feling's concurrence and all-out support.

In the spirit of Tandang Sora, whose bravery and reliability during the 1896 National Revolution led by the Kataastaasan, Kagalanggalangang Kaipunan na mga Anak ng Bayan (KKK) cannot be questioned, the three women in this study can also be regarded as modern Tandang Soras, whose contributions to the urban poor mass movements in Tondo cannot also be denied. It is only fitting that like Tandang Sora, their lives and struggles should always be remembered.

SA PAGGUNITA NG IKA-200 KAARAWAN ni Melchora Aquino na mas kilalang Tandang Sora, kagyat na naisip ko ang tatlong babaeng taga-Tundo na nasa dapit-hapon na rin ng kanilang buhay at nagkaroon ng malaking ambag sa pagpupunyagi ng maralitang tagalunsod para sa karapatan sa lupa, paninirahan, kabuhayan, katarungan at kalayaan. Sila ay sina Trinidad Herrera (Ka Trining), Leona Zarzuela (Nanay Leleng) at Felicitas Guazon (Nanay Feling). Mga Bisaya silang naging taga-Tundo pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Tulad ni Tandang Sora, matatanda na sila (edad 72, 76, at 77), subalit lahat ay buhay pa. Nakisangkot sila sa kilusan ng maralitang tagalunsod mula pa sa kanilang kabataan at tumanda na rin sila sa pakikibaka. Si Ka Trining ang unang babaeng lider ng ZOTO, noong dekada 70 sa ginintuang panahon ng pakikibaka nito para sa lupa at tirahan. Si Nanay Leleng ang pambansang Tagapangulo ng KADAMAY ngayon na myembro rin ng ZOTO noon. Si Nanay Feling ang katuwang at byuda ni Ka Eddie Guazon, ang tagapangulo ng KPML na namatay in the line of duty, para sa karapatang pantao ng mga mahihirap lalo na sa lupa at tirahan.

Malaki ang pagkakahawig ng kanilang karanasan at paninindigan bilang mga babaeng nakisangkot sa mga usaping pambayan. Tinaguriang "Ina ng Himagsikan," kilala si Tandang Sora, na sumuporta at nagtaguyod sa mga anak ng bayan sa panahon ng himagsikan—kinakandili ang bawat taong dumudulog sa kanilang tahanan. Pinapakain, pinagpapahinga, ginagamot ang mga maysakit at sugatang rebolusyonaryo. Byuda siya ni Fulgencio Ramos, ina ng anim na anak kasama na si Juan Ramos, ang may-ari ng bahay na pinagpulungan nina Andres Bonifacio sa araw ng pagpunit ng sedula. At sa sarili nitong tahanan at bakuran sa Gulod, Banlat, Kalookan noong Agosto 24, 1896, nagpulong at idineklara nina Bonifacio ang pag-iral ng pamahalaang mapaghimagsik. Binuksan ni Tandang Sora ang kanilang kamalig, at nagpaubaya ng 100 kaban ng bigas at 10 kalabaw para sa mga tao. Si Tandang Sora ay 84 na taong gulang na sa mga panahong ito. Ipinanganak siya noong Enero 6, 1812 sa mag-asawang Juan Aquino at Valentina de Aquino.


Uminit si Tandang Sora sa mata ng awtoridad at napilitan siyang umatras. Habang nagtatago, nakita pa niyang nasusunog ang kanyang bahay at kamalig. Nadakip siya noong Agosto 29, 1896 sa Pasong Putik, Novaliches at ikinulong sa lumang Bilibid sa Sta. Cruz, Maynila. Nang hindi makakuha ng impormasyon sa kanya ang mga Kastila, ipinatapon siya sa Guam kasama ang may 171 iba pang inakusahan ng rebelyon at sedisyon. Nakabalik lamang sa Pilipinas noong Pebrero 26, 1903, matapos ang pitong taon, at sa edad na 91. Namatay si Tandang Sora noong Marso 2, 1919 sa edad na 107 at itinuring siya ng bansa bilang isang bayani ng lahi (Sta. Romana-Cruz, 168 ; Diaz, 25–27).

Kagaya ni Tandang Sora, ang buhay nina Ka Trining, Ka Leleng at Ka Feling ay nakahabi sa kasaysayan ng pook at pakikibaka, igiban ng inspirasyon bilang matatatag na

babae at patotoo kung paano maging makatuturan ang buhay sa lipunang nagkukulang sa kanyang mamamayan.

## Ang Pagdagsa ng mga Bisaya sa Tundo

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dumagsa ang mga dayo sa Tundo na naghahanap ng mapagkakakitaan at nakikipagsapalaran. Nagsimula ang pagdagsa ng mga probinsya sa Maynila sa dekada 50–60 (Pascual, 1966: 317–322). Tinawag ni Gng. Gaudencia Tecson, isang matandang Tundenya, ang mga dayong Bisaya na mga "PARBOL"—palaboy ng Diyos (Panayam, Marso 2004). Ang parbol ay bansag ng ilang taga-Tundo sa mga Bisayang dumayo dito. Para sa kanila, nangangahulugan ang salita ng "palaboy ng Diyos." Hindi malinaw kung paano nagsimula ang ganitong pagbabansag. Pero malinaw na ito na ang simula ng pagkawala ng inilalarawang "*genteel hometown*, " "lugar ng mga kagalang-galang at may pinag-aralan, " "luntian" at "paraiso" ng matatandang tagarito sa dekada 30–40. Habang dumarami ang dayo, umaalis ang mga maykaya. Nagkumpulan naman ang mga dayo sa ilang lugar malapit sa baybay-dagat. Ang mga kilalang kumpulan ng mga Bisaya sa Tundo ay ang lugar ng piyer, Parola, Smokey Mountain, Palomar at San Nicolas. Panahon ito na marahil, gubat pa ang Quezon City, Makati, at ibang bahagi ng Metro Manila. Lumikha ang maramihang migrasyon ng samu't-saring problema kasabay ng pagtaas ng bundok ng basura sa Balut (Beltran 1994). Dito nagsimulang tingnan ng mga elit ang Tundo na isang lugar na kahiya-hiyang tirhan. Subalit hindi para sa mga maralitang sumilong dito at ginawang kanlungang-bayan ang lugar. Sumikip at dumumi ang lugar. Kaya habang dumadagdag ang dayo, lumilisan naman ang ilang kilalang maykaya.




MAPA 1. Ang Tundo ay isa sa mga distrito ng Maynila, nahahanggahan ng Kalookan sa hilaga; Sta. Cruz sa silangan; Manila Bay sa kanluran at Binondo sa timog. Mula sa MCLUPZO (Manila Comprehensive Land Use Plan and Zoning Ordinance, City Planning & Development Office, 2005–2020).

Mabilis na napansin ng mga taal na taga-Tundo ang nagbabadyang problema—sumisikip, dumarami ang tao, gumugulo, umiingay, dumudumi ang komunidad. Dumarami ang mahirap at dumadagsa ang mga iskwater. Dumadalas ang balita sa awayan, lusuban, panaan at patayan. Magkakaroon din ng mga lugar na makikilalang pugad ng mga gang, lugar ng panaan at riot tulad ng Isla Puting Bato, Parola, Angustia, Velasquez, Bangkusay, at Baryo Magdaragat o Tambakan na magiging Smokey Mountain.

Ang pagdayo ng mga taga-probinsya sa Maynila ay dulot na rin ng imahe nitong lugar ng mas malaking oportunidad: maraming pagawaan at hanapbuhay, unibersidad at kolehiyo na kasangkapan sa pagkakaroon ng matatag na kinabukasan. Madali rin daw dumiskarte sa Maynila, madali

ang buhay at pagpapanibagong-buhay. Noong dekada 50, tuloy-tuloy ang pagsikip ng *residential area* sa mga lugar ng Ermita, Paco, Sta. Ana at Tundo. Nagsimula na rin ang iskwating (Caoili, 1988:68). Ang Tondo Foreshore Land, kung saan naroon ang Parola (Slip 0 noon), Kagitingan, Luzviminda, Dulo Puting Bato, Baryo Magsaysay, Bangkusay, Port Area, at Smokey Mountain (Permanent Housing na ngayon) ang pinakakilalang balwarte ng mahihirap sa Tundo.




MAPA 2. Ang kasalukuyang Tundo ay binubuo ng dalawang distrito ng Maynila. Sa District 1 nanggagaling ang mga kinapanayam at dito matatagpuan ang mga lugar na inilalarawan ng mga inapanayam sa artikulong ito. Ang mga kilalang kumpulan ng mga Bisaya sa Tundo ay ang lugar ng Pier, Parola, Smokey Mountain, Palomar, at San Nicolas. Magkakaroon din ng mga lugar na makikilalang pugad ng mga gang, lugar ng panaan at riot tulad ng Isla Puting Bato, Parola, Angustia, Velasquez, Bangkusay, at Baryo Magdaragat o Tambakan na naging Smokey Mountain.

Ang Tondo Foreshore Land, ang bahagi ng dagat na tinabunan at pinakakilalang balwarte ng mahihirap sa Tundo ay binubuo ng Parola (Slip 0 noon), Kagitingan, Luzviminda, Dulo Puting Bato, Baryo Magsaysay, Bangkusay, Port Area,

at Smokey Mountain (na Permanent Housing na ngayon). Mula sa MCLUPZO.

Marami sa mga dumayong ito ay nagtayo ng mga barong-barong—sa tabing-dagat, tabing-ilog, gilid ng mga kanal, sa mga bakanteng lote, riles ng tren, tabi ng tambakan ng basura, ilalim ng tulay, bangketa, sa mga looban, loob ng sementeryo, mga abandonadong gusali, at trak, sa loob mismo ng piyer at mga *container van*. Ang sobrang pagsisiksikan, maruming kapaligiran, mahinang klaseng bahay at kawalan ng pasilidad lalo na ng tubig, kubeta at kuryente, kawalan ng matatag na organisasyong panlipunan, ang mga mahihirap na umpukang ito ang nagpasimula ng *slum* o iskwater erya sa Tundo. Kakambal ng pagdami ng iskwater ang pagtatayo ng mga gang at barkadahan na madalas ding nag-aaway, nagsusuguran at nagpapatayan. Nagkaroon ng pangkalahatang pagdausdos ng moralidad at pagkasira ng tradisyon at kaugalian na nagsilbing panghihiya din sa ibang kalapit na lugar (Catapusan, 1954:11–12 at Naerssen, 1993:3–4).

Dahil sumisikip ang mga distrito ng Maynila—Binondo, Tondo, Sta Cruz, Quiapo, Sampaloc, Pandacan, Sta. Ana, Paco, San Miguel—nag-alisan naman ang mga mayayaman at nakaluluwag sa buhay at lumipat sa mas tahimik at maluwag na Quezon City, Mandaluyong, San Juan, at Makati. Ang mga lugar na ito ay naging sentro din kasi ng mga proyektong pabahay noon. Ang mga dating lugar ng mayayaman—yaong tinatawag na "*old rich*," na nakatira sa Sta. Mesa, Ermita, at Malate—ay napuno na rin ng mahihirap at nakababababang panggitnang uri. Marami ring lumipat sa Bulacan, Cavite, at Laguna. Pinakamalaking pagtaas ng populasyon (258%) ang naitala ng Quezon City mula 1948 hanggang 1960. Dahil ito sa pagbukas ng mga proyektong pabahay at pagdami ng mga pribadong subdibisyon kasunod ng paglipat ng mga pambansang opisina ng gobyerno, eskwelahan at pagawaan. Lumaki din

ang populasyon ng Makati, Mandaluyong, Parañaque, at Valenzuela (Caoili: 69)

Mga taong 1960–70 ang pinakamabigat sa pandarayuhang Bisaya papuntang Maynila. Nahigitan din ng mga babae na may kalimitang edad na 15–24, ang mga dumarayong lalaki. Namasukan sila bilang mga katulong sa bahay sapagnanais na makatulong sa pagbuhay ng pamilyang nasa probinsya. Sa bawat 89 na lalaki na dumayo sa syudad, may 100 babae ang katapat nitong dumayo para humanap ng trabaho (Hart, 1971: 108–9).

Kawalan ng lupa at kabuhayang nakaasa rito, kahirapan at kawalan ng oportunidad sa hanapbuhay at edukasyon ang malimit na dahilan ng migrasyon. Mas marami rin ang babaeng dumarayo dahil pagkatapos mag-asawa, tumitira ang mga babae sa pamilya ng lalaki (Perez, 1983: 43–77). Nakakahila rin ang sistema ng kamag-anakan. Kalimitang pumupunta ang mga dayo sa mga lugar na pinaninirahan ng kanilang kamag-anak. Tinukoy din ang etnisidad bilang salik na panghila ng isang lugar kaysa katangiang pang-ekonomiko ng lugar na daratnan (Plameras: 11). Kalimitan, nagluluwal ito ng mga lugar na pinagkukumpulan ng mga magkakababayan.

Pagsapit tuloy ng dekada 80, ang tatampok na imahe ng Tundo ay pook-maralita, lungga ng mga iskwater, marumi, masikip at matindi ang suliranin sa sanitasyon (Caoili, 1988; Reason to Hope, 1983) at nakakatakot, lugar ng mga walang pinag-aralan, bastos at mamamatay-tao at pugad ng mga gangster (Jocano 1975).

## Ang mga Babaeng Sumilong sa Tundo

Sa murang edad, naglakas-loob pumunta ng Maynila ang maraming kababaihan na nangangarap maging guro, nars, akawntant at mananahi, at magkaroon ng simple at nakakasapat na buhay. Mulat sila na pagkakatulong ang

landas na daraanan subalit nakasusog ang pangarap na makapag-aaral.

Isa sa mga dumating sa Tundo noong 1954 si Leona Zarzuela o Nanay Leleng, taga-Cebu at ngayo'y 76 taong gulang na. Ipinanganak siya noong Marso 14, 1938 sa isang pamilya ng maliit na magsasaka. Sa kagustuhang masunod ang pangangailangan at makaluwag sa buhay, nagbakasakali si Nanay Leleng sa Maynila para maghanapbuhay. Nagpunta siya sa Tundo dahil mayroon siyang tiyahin dito. Dahil hindi marunong managalog, pinag-aralan niya ang wika sa pamamagitan ng mabuting pakikinig. Hindi kinaya ni Nanay Leleng ang pagkakatulong sa kanyang tiyuhin, at, dahil likas na matalino, kinuha siyang tindera sa isang *grocery* sa Divisoria mula 1954 hanggang 1958. Mula 1961, nagtinda naman siya ng binalatang bawang sa Quiapo hanggang 2004 at ito ang ibinuhay niya sa kanyang limang anak lalo na noong siya ay mabyuda mula 1973. Naramdaman niya sa bagong kinalalagyan ang diskriminasyon sa mga Bisaya. Tinawag silang "taeng-pusa" (o mabaho) at ang tingin daw ng tao sa mga Bisaya ay "sisiw lang ang donselya" at "baduy."

Taga-Surigao del Sur naman si Felicitas Griar-Guazon o Nanay Feling, 78, at ipinanganak noong Marso 6, 1936. Mahirap na magsasaka rin ang pamilyang pinagmulan, sumama si Nanay Feling sa tiyahin papuntang Baclaran noong 1952. Pangarap niya ang maging guro subalit hindi niya natapos ang ikaapat na taon sa hayskul. Pangatlo siya sa anim na magkakapatid. Sa edad na 15, pinangarap ni Nanay Feling ang makapunta sa Amerika at balak niyang maging katulong sa Maynila bilang *stepping stone* sa kanyang pangarap. Sikat sa kanilang baryo ang nakakapunta sa Maynila. Aniya, ang mga nakakapag-aral sa Maynila ay "mga maykaya talaga." Nakakapukaw din ng interes nila ang mga kababayang dumarating dahil "pumuputi at gumaganda ang mga ito." Nadiriin sa isip nila na "maganda ang Maynila," "madali" ang buhay dito

at "madaling dumiskarte" sa Maynila. Naging tagapag-alaga siya ng pinsang sanggol at dito nakilala ang kanyang napangasawa, si Eduardo Guazon o Ka Eddie. Ito ang nagsama sa kanya sa Tundo noong 1958 nang magtrabaho ito bilang bodegero sa Bureau of Public Works and Highways sa Pier South.

Si Trinidad Hermogenes Gerilla naman, na mas kilalang Trining Herrera o Ka Trining ay ipinanganak sa Leyte noong Hunyo 8, 1941 (73 gulang ngayon). Lumuwas siya ng Maynila noong 1958. Sa Leyte nakapag-aral ng elementarya hanggang *2nd year* hayskul si Ka Trining at nakatapos ng hayskul sa Mapua. Nakarating siya sa ikatlong taon sa kolehiyo sa FEU sa kursong Political Science. Galing sa uring magsasaka ang kanyang pamilya at nagtitinda ng prutas ang kanyang mga magulang nang siya ay lumuwas ng Maynila. Bandang 1963–64 nang lumipat ng Slip 0 (Parola) si Ka Trining. Naging *self supporting student* siya pagka-gradweyt ng hayskul. Pumasok siyang katulong sa bahay ng may-ari ng kumpanya ng Aji-No Moto mula 1962–65 hanggang naging klerk mula 1966–1972 sa mga opisina ng De Guzman Law & Surveying Office, Philippine Nurses Association, at Royal Travels. Walong magkakapatid sina Ka Trining at pangalawa siya sa bunso. Ang komunidad ng Slip 0 ay naging tambakan ng mga basag na bote. Naroroon ang San Miguel Bottling Corp. kung saan nakilala ang una niyang napangasawa, si Roger Herrera, isang empleyado sa pagawaan ng San Miguel. Wala silang anak ni Roger. Nang magkasakit at mamatay si Roger, muling nakapag-asawa si Ka Trining, kay Fred Repuno, isang dating lider din sa kilusang maralita sa panahong pareho silang aktibong kasangkot sa kilusang masa sa kalunsuran. Nagkaroon sila ni Ka Fred ng dalawang anak.

Pagdating nila ng Tundo, bumagsak sila sa paligid ng piyer, ang mga komunidad malapit sa dagat at ang bahagi ng dagat na tinabunan na tinatawag na Tondo Foreshore Area (TFA). Saklaw nito ang Kagitingan, Barrio Magsaysay,

Magsaysay Village, Parola (Binondo at Tondo *side*), San Diego, North Harbor, Barrio Fugozo, Tagumpay, Dulo Puting Bato o Isla Puting Bato. Ang iba ay bumagsak sa dating Baryo Magdaragat na mas kilala sa tawag na Smokey Mountain. Si Nanay Leleng ay nasa Kalye Mabuhay, sa Kagitingan si Nanay Feling at sa Slip 0 si Trining.

Sa bagong tahanang lugar, nagitla sila sa dinatnang kapaligiran: kung hindi talahiban ay nakalubog pa sa tubig hanggang tuhod ang lupa. Wala silang gripo ni kuryente sa simula. Ang pangungubeta ay hukay-hukay lang. Panahon ito na maraming *riot* sa Tundo. Ang paglulusuban at pagpapatayan ng mga gang ay karaniwang tanawin sa kanilang komunidad lalo na sa lugar ng San Diego, Smokey Mountain, at Vitas. Nasaksihan nila ang unti-unting pagtaas ng Smokey Mountain, at nabatid na ito'y hindi lang tapunan ng basura, kung minsan, tapunan din ng patay, at *aborted fetus.* Sa Smokey Mountain naranasan ng ibang kababaihan na hindi pwedeng kumain nang hindi nakakulambo, sa dami ng langaw, at humiga't matulog katabi ng mga gumagapang na uod. Isang senaryong nagpapabaliktad ng kanilang sikmura subalit wala silang magawa.

Nagkanya-kanyang tayo ng bahay ang mga nakikisilong sa Tundo. Ayon kay Nanay Feling:

> Dito kami nalipat sa Kagitingan noong 1958. Dito sa tapat ng Pier 12-Moriones. Nalipat kami sa Tundo gawa ng nalipat ng trabaho si Ka Eddie sa Pier South. Dati, may La Tondeña diyan. Diyan ang lupa. Tapos binugahan nila ito. Sila Ka Eddie ang nagbuga nito kasi sa BPW siya nagtatrabaho. "P500 lang ang bawat pwesto dito noon. Doon kami malapit sa La Tondeña noong araw…
>
> Yung tubig namin, pinipingga pa niya mula sa baba. Wala pang gripo. Wala pa ring kuryente. Yung CR, sa simula hukay-hukay lang. Pero nung nagpagawa kami ng bahay, nagpagawa kami ng CR agad. 1963 nang malipat kami dito. Mga 1970s na nung magkaroon ng

tubig, tapos ilaw. Dito na rin nag-aral ang mga anak namin.

Ayon kay Nanay Leleng,

> Tatlong beses kaming sinunog diyan, sa Tagumpay, Sandico, at Mabuhay. Putikan ang Mabuhay nang datnan namin yan. Tinambakan namin ng kusot, putik, bato hanggang tumigas at matayuan namin ng mga bahay. Mataas ang tubig, lusong talaga kami, hindi kami pwedeng hindi bumaba kasi isa lang ang may gripo, diyan lang sa kanto ng Mabuhay at ng Lakandula. Malayo ang iniigiban. Hanggang sa napatigas namin yon, marami nang nagtayuan. Noong araw, madalang lang ang bahay diyan kasi hinuhuli din ng pulis ang mga nagpupukpok. Nung katagalan na at matigas na, sinunog kami 1957. Panahon ni Magsaysay, tapos pinatayuan niya ng parang tenement house. Nilagyan kami ng tubig at ilaw at wala kaming binabayaran. May kubeta din. Tapos sinunog ulit kami noong 1961. Lumipat na kami dito banda (Tagumpay). Tapos sinunog pa rin kami 1965. Sinunog pa rin kami 1978, yon ang pinakamalaking sunog sa Tundo na nagmula sa Mary Johnston's (Hospital) hanggang dito sa piyer. Sunog na sunog! Wala talagang natira. Balik kami sa wala. Eh lima pa ang anak ko noon.

## Ang mga Hanapbuhay at mga Paraan ng Pagdurugtong ng Buhay

Karamihan ng mga babaeng nakapanayam na nasa Tundo na sa panahong ito ay pumasok ng katulong, labandera, tindera sa palengke ng Divisoria, sa bangketa, piyer, barko, at Luneta, *vendor* sa palamig at bola-bola, serbidora sa mga kantina at restoran sa loob ng piyer, nagtitinda ng sigarilyo at tsitsiria sa istasyon ng tren, naglalaba sa mga ospital, *janitress, attendant, security guard,* manikyurista, naglalako ng kakanin at banana cue, nagtitinda ng *popcorn* at *sweepstakes ticket*, nagtatrabaho

sa umbuyan bilang tagaluto at tindera ng mga tinapa, namamasura sa Smokey Mountain, naglilinis ng bituka sa matadero, nagbabalat ng bawang, namumulot ng mga nalalaglag na saging at gulay sa Divisoria para ibenta. May nagtrabaho din bilang tagabantay sa peryahan. May namasukan bilang manggagawa sa pagawan ng *brush* ng pintura. Pangungutang ang unang paraan ng pagtawid-gutom at pagpapaaral ng anak. Kaya ang kultura ng bayad-utang ay kahihiratian, at sa paraan ding ito nakapagpatapos ng mga anak sina Nanay Feling. Ayon kay Nanay Leleng,

> Noong ako'y nagtitinda ng bawang talagang kumikita ako, eh. Nagsimula lang sa 11 sentimo ang puhunan nung panahon na yon. Pinalago ko hanggang sa 2004, yun ang pinakain ko at pinaaral sa aking mga anak. Kung mayroon kang P11 noon, eh di karami ng bawang nun. May isang daang kilong bawang ka na non. Pag nagtinda ako ng 10 kilo yung 11 sentimong puhunan ko babayaran mo ng 40 sentimo ang isang kilo. O kaya isang pabalat ibenta mo naman ng P100 o P90. O di ba ang laki ng tubo? Dun ako nakaipon. Dun ako nakapagpaaral. Pag umuwi ako nung 1970s, may dala na akong ulam, bigas…may maitatabi akong P50. Tabi-tabi yan araw-araw, minsan P90. Kumbaga may sine-*save* ako para sa aking mga anak, ... ganon.

Sa ngayon ang pagbabalat ng bawang ay binabayaran ng P5 isang kilo (mula sa dating 11 sentimo). Kung minsan, nakakapagtalop ang mga tao ng 20 kilo isang araw, kung minsan, 40 kilo. Isang pambahay na trabaho kung saan buong pamilya na ang gumagawa sa ilalim ng sistemang pakyaw. Sa 20 kilo, kumikita sila ng P100. Kung 40 kilo, P200. Pero maghapong binubuno ng pamilya iyon, mula umaga hanggang gabi, ang hapdi sa kamay!

## Sirkumstansya ng Pag-aasawa at Buhay May-asawa

Taliwas sa mga pangarap at ideyal sa pag-aasawa, natagpuan ng mga kababaihan ang sarili sa sitwasyong napilitan lamang at hindi pa handa sa buhay may-asawa. Isinaad ni Nanay Feling na sa panahong iyon, matingkad ang paniniwala na kapag ang babae ay nahalikan na, nadudungisan na ang karangalan kung kaya ang pagpapakasal ay pagbangon ng puri. Wika niya, "ang babae noon pag nahalikan, iba na." Kaya kahit hindi pa niya karelasyon si Tatay Eddie at dahil sa siya'y nanakawan ng halik, napilitan na siyang magpakasal hanggang matutunan na niyang mahalin ang bana noong tatlo na ang kanilang anak.

> Dito ko nakilala si Ka Eddie[1]…. Akala ng tiyahin ko, mag-boypren kami. Ang kwento kasi, iba na nung sabihin ng iba, mag-*holding hands* daw kami. Nagpapahalik daw ako. Sabi ko, 'Para patunayan ko sa iyo, ngayon din bigyan mo ako ng pamasahe at lalarga ako, uuwi ako sa amin sa Surigao.' Eh ayaw naman ng tiyahin ko kasi natakot nga daw baka anuhin ako ng parents ko, talagang pinakasal ako. Si Ka Eddie ang sumulat sa magulang ko, nahimatay nga yung nanay ko nung natanggap yung sulat. 16 lang ako nung pinakasal ako. Hindi talaga, hindi ko siya boyfriend! Pero asawa ko na siya! Ano ba yan! Eh pano, itong tiyahin ko talaga nagmamakaawa sa akin, baka pag-uwi niya doon, natatakot kasi siya sa tatay ko, may pagkaano kasi, pagkabasig. Natatakot daw siya, baka raw magalit sa kanya, kaya pinakasal ako. Tuwang-tuwa naman si Ka Eddie, kasi gusto niya ako. Primero, ikinasal kami sa huwes.
>
> Pinilit lang talaga ako noon…wala naman akong magagawa kasi noong mga panahong iyon, pag ang babae nahalikan na, parang iba na. Sabihin ng tiyahin

[1] Eddie Guazon, ang Tagapangulo ng Kongreso ng Pagkakaisa ng Maralitang Tagalunsod (KPML) na namatay noong 1989 habang dinidinig ng Senado ang karahasan ng pulis sa mga demolisyon.

ko, 'Hindi ka ba nahiya?' Bukod doon, ang nakakita sa amin kababayan ko, baka pag-uwi ko raw dun, itsismis ako sa buong bayan. Eh yun ang kinatatakutan niya, pag nalaman ng tatay ko. Naisip ko rin naawa ako sa tiyahin ko dahil umiiyak sa akin. Sabi niya, 'Hindi ka naman magsisisi niyan kahit matanda sa iyo, mabait talaga yan.' Nakasal ako pormero sa huwes tapos sa pari. Napamahal na rin sa akin si Ka Eddie. Pinabukod kami. Napakabait naman talaga.

Nakapag-asawa naman ng isang kargador ng gulay sa Divisoria si Nanay Leleng na maliban sa kaunting sahod ang ibinibigay sa kanya ay nagsusugal pa, umiinom at nagsasabong. Sa ngayon, byuda na at di nag-asawa muli si Nanay Feling at Nanay Leleng, samantalang matagal na ring hiwalay sa kanyang bana si Ka Trining, at nagpaibayong dagat na si Fred Repuno mula 1988 nang uminit ito sa mata ng militar. Kwento ni Nanay Leleng,

Ang napangasawa ko naman, malaking tao, pero ang pinakamainam dun, hindi ako sinasaktan. Ang pinag-aawayan lang talaga namin yung sa organisasyon. Estibador siya sa piyer. Kargador sila riyan sa Divisoria, mga taga-buhat ng gulay. Ang problema kaunti lang ang binibigay niya sa sahod niya kasi isinusugal, iniinom, sinasabong, ganun. Hndi nambabae iyon. Ganun lang ang bisyo niya. Yun lang ang pinag-aawayan namin. Sabi ko, 'Tingnan mo wala na tayong ano.' 'Oo, hahanap tayo huwag ka mag-alala, kikitain din natin iyan.' Hindi kami nag-aaway nang bangayan…tapunan ng gamit?Hindi kami ganun.

Ayaw niya noong una na sumasama ako sa mga pagkilos. Nung nalaman niyang tagumpay kami simula nung sa ilaw, nabigyan na kami ng kuryente tapos nabigyan na kami ng tubig, hindi na siya tumututol, basta sinabi ko payag na siya pero hindi siya pwedeng hatakin dun dahil busy siya sa sugal eh.

Minsan, galing akong Quiapo. Papasok na yung tatlong anak namin. Hala! nandun sa circle na ganyan at umiinom. Nakita ko yung gamit wala pang sinaing.

> Kinuha ko yung *longneck* pumunta ako sa likod niya pinukpok ko. Bahagya lang naman, parang tinuktukan ko lang sa likod. Tapos sabi niya, 'O sige magsaing na nga, magsaing na nga.' Hindi ako bastos eh, hindi ako nagger. Alam mo ba kung paano siya namatay? Sa kauna-unahang pagkakataon, gusto naming yumaman. Umakyat siya sa barko, inabot sila ng bagyo, lumubog yung barko, pinasok ng tubig, nalunod. May namatay, may na-recover.

Napaiba naman ng karanasan si Nanay Feling, na hindi nakatikim kahit pitik sa mabait na asawa. Subalit ang sakit na hindi natikman ni Nanay Feling kay Tatay Eddie ay ipinalasap naman sa kanya ng gobyernong Marcos, nang arestuhin at ibilanggo si Tatay Eddie dahil sa pagiging aktibong lider nito ng Kongreso ng Pagkakaisa ng Maralitang Tagalunsod (KPML) noong dekada 70 hanggang 80.

Dahil wala pang artipisyal na kontrasepsyon sa panahong ito, malalaki ang pamilyang kanilang pinanggalingan at malalaki rin ang bilang ng kanilang mga sariling anak. Sampu ang naging anak ni Nanay Feling, lima kay Nanay Leleng, at dalawa kay Trining. Bukod sa kawalan ng artipisyal na kontrasepsyon noon, pinaka-mahalagang salik noon ang pananaw sa pag-aanak bilang kaloob ng Diyos. Kaya kasalanan sa Diyos ang pagtanggi. Halimbawa sa mag-asawang Nanay Feling at Tatay Eddie, "ang anak ay bigay ng Diyos. Hindi ibibigay yan kung di kakayaning buhayin." Kaya panay pagdarasal ang ginagawa ng mga babae tulad ng "Diyos ko huwag nyo naman kaming bigyan ng maraming anak." Tipikal ang pagpapasadiyos ng suliranin pati ng mga bagay na may kinalaman sa kanilang katawan tulad ng "Diyos ko kung bibigyan mo ako ng anak, yung kaya ko lang alagaan. Huwag mo ng paramihin masyado. Ikaw na ang bahala."

Sa kabila ng matinding takot na magbuntis at madagdagan ang anak, mas mabigat para sa kanila ang takot sa Diyos at makagawa ng kasalanan sa Diyos.

Magkaganito man, gumagawa rin sila ng paraan para masansala ang pagbubuntis. May mga sumubok ng hugot (*withdrawal system*) at kalendaryo (*rythm*) pero ayon kay Nanay Feling, "wala ring epekto, dumami rin ang anak namin" at "pito na ang anak namin nang dumating ang artipisyal na *family planning*." "Maswerte" rin ang ilan sa mga napangasawa dahil "maasikaso at hindi nananakit ng mga anak tulad ni Tatay Eddie," ani Nanay Feling.

Sa mga kinapanayam, sina Nanay Leleng, Nanay Feling at Trining ay tumanda nang maligaya. Si Nanay Feling ay suportado ng kanyang mga anak kung kaya sa katandaan ay nalilibang pa ng sari-sari store na ipinagkaloob sa kanya ng mga ito. Si Nanay Leleng ay nakalaya na sa obligasyon sa mga anak dahil pamilyado na lahat at maligaya ngayong kumikilos para sa KADAMAY at nabubuhay sa suporta ng organisasyon. Malalaki at may sari-sariling pamilya na rin ang mga anak ni Ka Trining na biniyayaan na rin ng isang apo.

## Ang Pakikibaka para sa Lupa

Naranasan nina Nanay Feling, Nanay Leleng, at Ka Trining ang paglakas sa gitna ng pakikipaglaban nila para sa lupa. Sa simula, naorganisa si Nanay Feling sa Kapisanang Maginoo, isang lokal na samahang pagmamakapitbahay na itinayo ni Tatay Eddie Guazon noong 1965. Sumuporta rin siya sa mga gawain ng ZOTO sa buong dekada 70 hanggang siya'y naging tagapangulo ng Kongreso ng Pagkakaisa ng Maralitang Tagalunsod sa buong NCR. Siya talaga ang aktibong kasangkot sa pakikibaka ng mga maralita subalit hindi rin ito naging posible kung hindi tumuwang si Nanay Feling sa kanya. Tumayo siyang ama't ina sa 10 nilang anak lalo na sa mga panahong abala sa gawain at tinutugis ng mga militar si Tatay Eddie.

Walang pagtutol si Nanay Feling sa panahong aktibo si Tatay Eddie sa Kapisanang Maginoo dahil ito'y samahang

pangmagkakapitbahay lamang. Subalit nang pumalaot na sa pakikibaka ang kanyang asawa sa pamamagitan ng ZOTO, doon na siya tumutol. Isinatinig niya ang kanyang pangamba sa tumataas na pakikisangkot ng asawa sa pakikipaglaban para sa tirahan dahil naging napakahirap at napakadelikado ng buhay nila lalo na nang uminit sa mata ng militar ang kanyang asawa. Bandang huli, niyakap din niya ang ginagawa ni Tatay Eddie at buong pusong sinuportahan ang asawa sa abot ng kanyang makakaya. Itinaguyod niya ang mga anak sa kabila ng "kawalan" ng katuwang sa buhay. Tiniis niya ang pandarahas ng militar, panghuhuli sa asawa't anak at pagpapahirap ng awtoridad sa kanilang pamilya, pagtugis kay Ka Eddie at ang "pagmimistulang kabit" dahil palihim lang silang nagkikita ng asawa. Nang mamatay si Ka Eddie at bumuhos ang napakaraming taong nakipaglibing at nagpapasalamat sa kanya, napagtanto niyang "masaya pala kapag nakapaglingkod sa kapwa mo."

Si Ka Trining naman ay nag-umpisang makisangkot sa isang pangkomunidad na organisasyon, ang Nagkakaisang Mamamayan sa Slip 0. Reaksyon nila ito sa plano ng pamahalaang Marcos na gawin ang lugar na pangunahing daungang pang-internasyunal at sa ambang paalisin ang mga mamamayang nakatira dito.

> Karamihan sa mga sumasama nun mga lalake, mga 1969, nag-aaral pa ako noon sa FEU. Hindi ako gaanong na-*involve* noon sa student activism, mga 2nd year college, *working student* ako noon. Sumasama-sama lang ako, hindi ko pa masyadong alam. Yung Political Science prof. ko, laging sinasabi, 'Dapat ang tao matutong ipaglaban ang kanyang karapatan.' Si Professor Yangco. Natatak sa isip ko yun, na dapat talaga ang tao matutong ipaglaban ang kanilang karapatan.
>
> Hanggang dumating ang Martial Law. Dun ako nagsimula ma-*involve* sa *community*. Nung mag-miting kami ng buong Slip 0, nahalal ako bilang secretary. Nasama ako noon sa mga pagkilos para sa karapatan

sa paninirahan sa Tundo. Kasi may batas noon, RA 1597, na ang lugar ng Tondo Foreshore ay dapat ipamahagi sa mga naninirahan. Iyon ang inilalaban nila noong araw noong sumama ako sa pakikipagnegosasyon.

Maraming maralita sa Tundo ang sumama para tutulan ang mga demolisyon at ipaglaban ang karapatan sa lupa at paninirahan. Nagbuklod-buklod ang mga maliliit na organisasyon at binuo nila ang Council of Tondo Foreshore Community Organizations (CTFCO). Una itong pinangu-luhan ni Resty De Leon. Hindi nagtagal ang konsehong ito dahil sa pakikipagkutsabahan ng mga lider at pagbenta ng kanilang mga kahilingan. Naging mahina ang pamumuno ng CTFCO, sinasabing nabili ang mga lider ng organisasyon at hindi natanganan ang mga ipinakiki-paglaban nila para sa lupa. Habang lumalapit sa dekada 70, magbubuklod-buklod ang mga lokal na samahan sa Tundo sa pamumuno ni Ka Trining, na itinuturing maging ng mga lalaki na isang mahusay at matapang na lider ng Tundo. Ayon kay Ka Trining,

> Nakikita ko sa mga negotiation parang may kahinaan ang mga lalaki. Hanggang dinala ng may-ari ng Tanduay sa yate, hindi na ako sumama sa yate. Nang bumalik sila, sabi pag-uusapan pa raw. Sabi ko, 'Hindi pwede yung ganon. Kung nakikipag-*negotiate* tayo, dapat may *posture* tayo na eto talaga ang dapat ibigay.' Eh bakit daw hindi ako sumama. Sagot ko, 'Eh hindi nyo ko pinasama eh. Kasi babae ako!'

Dahil dito, kumalas sina Ka Trining, David Balondo, Dante Vitug at Pedro Tambolero sa CTFCO at itinatag nila ang ZOTTO (Zone One Tondo Temporary Organization sa tulong ng PECCO (Philippine Ecumenical Center for Com-munity Organizing), isang organisasyong binuo naman ng mga Katoliko at Protestanteng taong-simbahan na may karanasan at kahandaang tumulong sa mga pagpupunyagi ng mga maralita sa Tundo. Ayon kay Ka Trining,

> Nung dumating yung pagkakataon na may mga *religious organizations* na pumunta sa Tundo, at sa pag-uusap ay minungkahi kung pwedeng buuin nang maayos ang organizing work sa Tundo, pumayag akong maging *pilot area* yung lugar ko. Kinausap ko si Balondo, Tambolero, lahat ng mga liders non sa Tundo, na magbuo na lang tayo sa *southern tip* ng Tondo Foreshore Area ng totoong pakikipaglaban para sa lupa. Kung yon talaga ang gustong mangyari. *So early* 70s nabuo namin ang ZOTO.

Noong Oktubre 20, 1970, itinatag nila ang ZOTTO at dinaluhan ito ng 64 na lider at kasapi ng 20 organisasyon mula sa pitong komunidad ng Tundo (Honculada, 1985: 15). Idinaos naman ang Unang Kumbensyon noong Mayo 11, 1971 sa Kapatiran sa Kaunlaran Foundation, Inc. (KKFI) bilang ZOTO, ang magiging permanenteng pangalan ng organisasyon na di mapapasubaliang pinakamalakas na organisasyon ng mga maralitang tagalunsod sa dekada 70.

Nagkaroon kami ng pag-uusap na talagang dapat na hindi tayo papayag na para tayong mga batang binibigyan lang ng kendi kapag umiiyak. Dapat kako organisahin natin na ang mga tao mismo ang magdedesisyon kung ano talaga ang gusto ng mamamayan. Gusto nila ng maayos na paninirahan. Tayo bilang mga lider, yon dapat ang katigan natin bilang mga lider. Hindi tayo lang. Ako sugo lang ako ng taumbayan. Eto gusto nila. Na maging kanila na ang lupa. Pumayag sila. Nabuo ang ZOTO.

Naging mabilis ang paglawak ng ZOTO. Nang ilunsad ang unang kumbensyon ng ZOTO, dinaluhan ito ng 725 delegado na kumakatawan sa 53 organisasyon na may 20,000 kasapi. Sa ikalawang kumbensyon, 1,400 na ang mga delegadong dumalo (Honculada: 16). Nakikitang dahilan dito ang determinasyon mismo ng mga taong ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa at pananahan. Tinulungan din sila sa pag-oorganisa ng mga aktibistang kasapi ng pambansang demokratikong kilusan at mga

relihiyosong naghahangad na isabuhay ang tunay na paglilingkod sa tao.

> Mahalaga ang ambag ng taong simbahan—Katoliko, Protestante at iba pa—sa paglakas ng kilusang anti-diktadura. Ginamit ng lumalabang mamamayan ang dasal, misa at prusisyon upang sama-samang maghain ng pagtutol, yamang bawal ang rali, demonstrasyon at martsa. Nagbuo sila ng mga Basic Christian Communities (BCC) na naging muog ng mga maralita hindi lamang para sa pananampalataya kundi para rin sa pakikibaka. Bumuo rin ang mga taong simbahan ng mga institusyon para tumulong sa kilusan ng mamamayan (Ambrosio, 1994: 146–190).

Sa Tundo, nakita ang ganitong pagtugon ng taong-simbahan sa kalagayan ng mga maralita nang tumulong ang PECCO para magsawa ng masinop na gawaing pag-oorganisa sa hanay ng mga maralita na naging daan sa pagbubuo, paglawak at paglakas ng ZOTO. Nagtatag din sila rito ng Samabayanang Kristiyanong Komunidad o SKK. Si Ka Eddie Guazon ang unang tagapangulo ng SKK sa Magsaysay Village, Tundo. May koordinasyon ang KKK sa ZOTO (Edmund Guazon, Abril 2011).

Naglunsad ang ZOTO ng di mabilang na mobilisasyong masa para igiit ang karapatan sa lupa, relokasyon, pagpapatigil ng pagtatayo ng mga gusali't pampublikong gawain sa mga lugar na nakalaan para sa kanila o kaya'y kanilang inookupa. Hiniling din nila sa midya na tawagin silang "mamamayan ng Tundo," at hindi iskwater o Tondo *folk*. Nagrali sila at nakipagdayalog kay Pope Paul VI para basbasan ang kanilang pakikibaka sa lupa, na labis na ikinapahiya ng Cardinal ng Maynila at nagtulak dito na mangako na maglulunsad ito ng maramihang proyektong pabahay para sa lugar ng Tondo. Dito rin napahiya ang dating Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos at ito na rin ang hudyat ng pag-init ni Ka Trining (Corazon, Agosto 2011). Iginiit din ng ZOTO ang protesta kontra sa pagpasok

ng Cement Association of the Philippines sa TFL at pagbibigay dito ng pamahalaan ng pitong ektaryang lupain para sa operasyon nito sa Luzviminda Village. Pero ang rurok ng tagumpay ng pakikibaka para sa lupa ay nakamit nila nang sa wakas ay maisagawa ang *in-city relocation* sa Dagat-dagatan, Kalookan, mula 1980 at pagbibigay ng mga lupa sa mga nananahan sa Tondo Foreshore Land (Honculada, 16).

## Nang Ipataw ang Batas Militar 1972

Idineklara ni Pangulong Marcos ang Batas Militar pagdating ng 1972. Kwento ni Ka Trining,

> Ni-*raid* ang *office* namin noong 1972. Lahat ng liders ng ZOTO kinuha. Fred Repuno, Tambolero, Balondo, ako... Ako lang babae sa lider. Hanggang sa 1973, November 17, may demolition sa bahagi ng Parola. *Beautification* ng Pasig River tinutulan namin yon. Kaya kami naglakad. Wala mang *placard* pero mahigit kumulang 1000 taong naglalakad. Nang tinanong kami kung saan kami papunta sabi ko sa Malakanyang pero pinigilan yun. Yung parola kasi sa gilid ng Pasig River *hanggang* dun sa Luzviminda. Bakit uunahin nyo ang *beautification* eh mas kailangan namin land tenure?
>
> Bawal ang demonstrasyon noon. Di naman kami nagdedemonstrasyon, wala kaming *placard* kasi gusto naming makausap si Marcos, bakit *beautification* ang inuuna e kailangan namin *land tenure*. Kukulong nyo ba kami? Anong kasalanan namin? Bakit, wala naman kaming placards. Naglalakad lang kami, hindi kami sumisigaw. O sige makikipag-usap tayo kay Marcos. Yun pala, dinala kami sa Camp Panopio. Yung mga officers. 'Anong negotiation ito, bakit sa Camp Panopio?' Hanggang sa lumabas, mga walong oras kami roon, pinalaya rin kami.

Hindi nanghina ang mga maralita ng Tundo sa kanilang pakikipaglaban. Para sagkaan ang mga demolisyon sa

kanilang mga bahay at labanan ang iwinawasiwas na mga *development project* at *beautification campaign* ng rehimen, nagmartsa ang mga maralita ng ZOTO sa tinaguriang "Alay-Lakad" noong Nobyembre 27, 1974 patungong Malakanyang (Ambrosio,1994: 2). Ito ang kauna-unahang rali-demonstrasyon sa ilalim ng Batas Militar. Ayon kay Corazon,

> Hinarang nang hinarang pero nakarating pa rin sa Mendiola Bridge. Sa kauna-unahang pagkakataon, nakapagrali sa Mendiola sa ilalim ng Batas Militar. Sa Gate 7 ng Malacanang nakatapak ang mga lider. Pagkatapos ng dayalog, sabi ni Marcos, 'Ang lupa ng Tondo Foreshore mula ngayon ay sa inyo.'

Sa panahong pangkalahatang lider na si Ka Trining sa ZOTO, si Nanay Leleng naman ay nagsisimula pa lang noon. Aniya,

> Pumasok ako sa kilusang hatak-dala lang yon. Nahahatak ka lang, 'Halika Nanay Leleng mayroon tayong meeting.' 'Halika may general assembly tayo.' 'Nanay Leleng may mob (mobilization) ngayon.' Kumbaga, nahahatak-hatak na ako noon, tumutulong-tulong mag-organisa, umalalay sa tao, nagpapaliwanag kung bakit kami sumasama sa ZOTO. Pero hindi pa ako full-time noon.
>
> Mga 1972–75 maiinit na ang labanan noon. Nag-rally nga kami panahon ng Martial Law, 1974. Magmula diyan sa NAWASA hanggang diyan sa Dagupan tinutukan kami ng mahahabang baril. Ang ginawa namin, dala-dalawa hanggang makarating kami ng Mendiola.

Sinona din ang mga komunidad ng maralita at hinuli nang walang *mandamyento de aresto* ang mga pinag-hihinalaan ng kung anumang krimen. Sa isang iglap, sinuspinde ng gobyernong Batas Militar ang mga kalayaang sibil ng mamamayan (Ambrosio: 3). Sa Tundo, sa loob ng 24 oras matapos makipagdayalogo ng mga lider sa dating Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos, pinaghuhuli ang

mga lider ng alyansa ng mga organisasyong pangmaralita. Sa loob ng isang buwan, sinosona tuwing madaling-araw ang Tundo para arestuhin hindi lang ang mga kriminal, mga may tato, nakahubad at mahahaba ang buhok kundi pati mga pinaghihinalaang subersibo sa mga tukoy na balwarte ng mga lider ng maralita. Halos lahat ng pangunahing 20 lider ng ZOTO ay nasa listahan at inaresto. Nagulo ang mga pamilya ng mga lider at kasapi ng ZOTO, walang tigil na tumakbo, nagtago at tinugis ang 20 lider nito, kasama na rito si David Balondo, Tambolero, Fred Repuno, at Eddie Guazon.

Tinortyur ang mga detenidong pulitikal. Hindi lang simpleng pambababoy kundi ginagahasa ang mga kababaihang detenido. Noong 1985, ayon sa GABRIELA, 1,500 ang naitalang kaso ng iba't ibang sekswal na panggigipit ang naitala sa ilalim ng rehimeng Marcos. Pinakabrutal na kaso ang nangyari kina Liliosa Hilao (pinatay pagkatapos gahasain), Puri Pedro (pinatay sa pamamagitan ng pagsakal), kay Adora Faye De Veyra, at Hilda Narciso (De Dios, 1996: 151). Si Trining Herrera mismo ay 10 beses inaresto at sa panghuling pagdakip sa kanya noong 1977, matinding pagpapahirap ang ginawa sa kanya habang sapilitang pinapaamin na siya ay myembro ng CPP. Tinortyur siya at matinding kinuryente. Dahil doon, nawala sa sarili si Ka Trining at may tatlong linggo bago nanumbalik ang kanyang alaala. Lahad ni Ka Trining,

> Madalas akong nakukulong. Nakulong ako April 1974. Sampung beses akong nakulong. Eh pag *anniversary* ng Martial Law, Preventive Detention Action (PDA) yung ginagawa sa amin para di daw kami sumama sa mass action. Hanggang sa dumating na yung 1975, dapat judge ako sa International Architectural Foundation sa Kapitbahayan. Di rin ako pinayagang makalabas nung 1975 papuntang Canada. Sa halip binigyan ako ng ASSO.

1977, unrest na yun ng mga workers. Nagsasalita ako sa Pasig, Taguig, Novalichez hanggang April 23 1977, dun ako inaresto. Sa Katipunan. Sumigaw ako sinabi ko pangalan ko, pakisabi kay Sr. Christine Tan! May nagsabi kaya alam nilang kinuha ako ng Intelligence Unit ng Manila.

Kinabukasan, tinurn over ako sa MISG. Kinagabihan, 7 PM, *interrogation*. Di ako sumasagot. Binaltak nila ang blouse ko. Natanggal. Nakabra na lang ako. Ginawa nila, field telephone office yon e. Maliit na kwarto lang. Nilagay nila yung wire dito (sa dalawang hinlalaki) habang nakatayo ako. Tinatanong nila kung member ako ng CPP-NPA, sabi ko hindi.Presidente ako ng ZOTO.

'Sino-sino mga kilala mo?' Sabi ko kilala ko si Pedro Tambolero, David Balondo, Eddie Guazon, lahat ng lider sa TFA. Kasi nabuo na ugnayan namin sa Tondo Foreshore Land, 1976 nabuo na. 'Ikaw ay ano, nag-iikot ka buong Metro Manila.' Sabi ko, 'Ano bang masama kung mag-ikot ka sa buong Metro Manila? Hindi naman ako nagpunta sa bundok at lumaban sa inyo.' 'Nagpupunta ka sa Ateneo?' 'Oo!' sabi ko.

Tuwing ano, pinaiikot nila yung…pumapasok yung current sa katawan ko. Kinukuryente nila ako. Hanggang sa nanghina na ako. Pinapapirma ako na inaamin ko na myembro ako ng CPP-NPA.

Tapos sabi ko di ko pipirmahan yan. Tapos nilipat nila yung kuryente sa nipple ko, kinuryente nila ulit ako. Tuwing tanong nila na di nila gusto yung sagot, kinukuryente nila ako. Pati ba naman pagpatay kay Rizal gusto nyo aminin ko? Nang kukuryentehin na ako sa pwerta, doon na ako nagsisigaw nang nagsisigaw.

Nawala ako sa sarili dahil sa lakas ng kuryente sa akin. Nakakalakad naman ako. Nakakapagsalita. Mga isang linggo bago ako maka-regain. Tapos kinukuha na naman ako ng mga army doctor para examinin daw ako. Hindi ako sumama. Ni-lock ni Nelia Sancho yung gate sa ibaba.

Naging *incoherent* ako nung panahon na yon. Hindi ako kumikibo. Hanggang binisita ako ni Stephen

> Bosworth. Dumating ang BBC, pati si Stephen Bosworth. Sabi ni Nelia, alam mo binisita ka ng Ambassador ng US. Tinatanong ka…
>
> 'Anong sinabi ko?' Sabi ni Nelia, 'Wala hindi ka kumikibo. Pinakita mo lang ang kamay mo. May dugo pa.'
>
> After three weeks saka ko lang na-*recognize* ang mga tao. Nung nandun na ako sa Bicutan, dun ko lang sila na-*entertain*.
>
> Di na kumibo nanay ko. Sinabi ko wala na tayo magagawa, nangyari na yan, pero nagdemanda ako. Tapos sabi ng Militar Commission, tinortyur ko daw ang sarili ko. Inabswelto nila sarili nila. Sabi ko nga, ang lagay kinulong ko sarili ko? Tinortyur ko sarili ko?

Sa panahon ng Batas Militar, sunod-sunod na dikretong presidensyal at mga direktiba ang ipinasa tulad ng Letter of Instruction No. 19 na nagpapaalis ng lahat ng iligal na konstruksyon sa kahabaan ng ilog at mga kanal, riles ng tren at lahat ng iligal na konstruksyon sa mga pampubliko at pribadong pag-aari. Sinundan ito ng maramihang pagpapalipat sa Sapang Palay, San Jose Del Monte, Bulacan, San Pedro, Laguna, at Carmona, Cavite (Coronel,1984: 32–33).

Sa wakas noong Marso 20 1978, ipinasa ang PD 1314 na naglilinaw ng patakaran sa lupa sa Tondo Foreshore Land. Kasama ring inililinaw dito na babayaran nila sa loob ng 25 taon ang halaga ng lupa (P5 bawat metro kwadrado at kapalit nito ay bibigyan sila ng Certificate of Occupancy) kasama ang halaga ng pasilidad at serbisyo na inilagay sa naturang lugar o ang *cost of development* (COD). Ang COD ay naman ay nagkakahalaga ng P0.95 bawat metro kwadrado. May interes na 12% kada taon ang amortisasyon. Kung hindi mababayaran, babawiin sa kanila ng NHA ang kanilang tirahan. Ang pangongolekta ng COD ay sinimulang gawin noong huling bahagi ng 1983 (Coronel,1984: 34).

Pagdating ng 1979, muling inumpisahan ang walang habas na demolisyon at relokasyon sa Dasmarinas, Cavite, at Dagat-dagatan. At dahil nagkahiwa-hiwalay ang mga kasapi ng ZOTO, nag-organisa pa rin sila at nagtayo ng mga sangay ng ZOTO sa mga lugar na kanilang pinaglagyan. Nananatili silang kumikilos para labanan ang mga kontra-mamamayang batas tulad ng PD 772 na nagtuturing sa iskwating bilang krimen. Tinuligsa nila ang *flexihomes* ng pamahalaan na masyadong mahal sa kabila ng mahihinang klaseng materyales na ginamit at hiniling sa pamahalaan ang nauukol na batayang serbisyo para sa komunidad. Ayon kay Jun Corazon, isang aktibong organisador ng ZOTO noon,

> Hindi totoong nag-*cooperate* si Trining pagkatapos noon tulad ng sinasabi ng iba. Kasi ganito: dumating si Imelda sa Slip 0. Ang laki ng *crowd*. Almost 7,000. Sabi ni Imelda, 'Mahal ko ang mga taga-Tundo kasi nanggaling din ako sa hirap. Si Trining kababayan ko yan. Waray-waray din yan.' Nang pumanhik si Trining sa stage, nagyakapan, naghalikan, kinunan ng midya. Lumabas sa midya, nagpapagamit siya kay Imelda, 1979 yon. Mahahabol pa ba yon? Hindi totoo. Midya lang ang may haka-haka non. Pero nanatiling matatag si Trining sa interes ng maralita.

Ipinaliwanag ni Ka Trining ang dahilan: kailangan niyang pumanhik sa entablado dahil kapalit iyon ng negosasyon kay Marcos na ipagkakaloob ang Tondo Forsehore Land sa mahihirap. Hindi pipirmahan ni Marcos ang dokumento at hindi sila makakakuha ng lupa kung hindi siya papanhik sa entablado. Naunang pinirmahan ni Marcos ang dokumento. At kung bumaligtad si Ka Trining sa usapan, tinuran niya kay Marcos na siya ay huhulihin at ipakulong. Sa isip ni Ka Trining, hindi pwedeng mawalan ng saysay ang malaon nang pakikipaglaban ng mga maralita para sa lupa at tirahan.

Noong 1982 natikman ng mga taga-ZOTO ang bunga ng kanilang pagpupunyagi. Napagwagian nilang magkaroon ng mga sari-sariling lupa sa Dagat-Dagatan na tinaguriang *in-city relocation* o relokasyon sa loob ng Maynila. Maliban dito, naipamalas ng mamamayan ng Tundo na sila ay may kapangyarihan kung magkakaisa at sama-samang makikibaka. Sa proseso, naipundar nila ang mataas na pagpapahalaga sa sarili, respeto at dignidad na dapat lang tinatamasa ng tao. Napatunayan din ni Trining ang kanyang pamumuno at naipamalas ng sangkababaihan ng Tundo na bumubuo ng mahigit 50% ng ZOTO ang kaya nilang gawin nang higit sa kanilang inaakala. Inani din ng ZOTO ang respeto at paghanga ng ibang sektor pati ng pambansang demokratikong kilusan dahil sa matatag na paninindigan at masikhay na pakikibakang ipinamalas ng mga taga-Tundo. Higit sa lahat, napatunayan nila ang halaga ng organisasyon, at ang pagkakamit ng kapangyarihan sa sama-samang pagkilos (Honculada: 18). Ani Corazon,

> Hahanga kang talaga kay Trining. Sa mga panahong iyon, pinangunahan din niya ang *invasion*. Nakuha namin ang isang malaking bahagi sa Dagat-dagatan. Sinisita pa ng NHA. Naging usapan, ililista na lang sila at babayaran muna. People Power. Nagtayuan. Nagtirikan gabi pa lang, buong magdamag. Nakita ng NHA, sabi 'Illegal entry kayo.' Sagot ni Trining, 'Hindi kami illegal entry. Kami ay legitimate beneficiary. Mga anak ito ng mga beneficiary. Mga *extended* family. Kine-*claim* lang namin yung dapat sa amin dahil itong Dagat-Dagatan, created ito sa ngalan ng ZOTO.' Ang husay ni Trining magsalita. Malumanay pero madiin. Sa kanya nag-umpisa ang galunggong. Sabi niya, 'Iyang galunggong dati ganito lang yan. Ngayon wala ka ng mabili, kung meron man, may *sore eyes* pa.'

## Pagyakap sa Pakikibaka ng Asawa

Naalpasan naman ni Ka Feling ang takot at pag-aatubili sa pagkilos ni Ka Eddie at siya ay lumahok din kapagdaka.

> Panahon ni Marcos, 1976 'yun. Ito kasing aming lupa, ipinaglaban talaga namin. Ayaw ibigay ni Marcos dahil tatayuan daw ito ng mga building para sa mga turista. Doon nagsimula ang pakikisangkot ni Ka Eddie. Sa simula, nagtatalo kami, sabi ko, mula nang pumasok siya diyan, hindi na siya masyado sa pamilya. At sa ganoong panahon na yon, pag nalaman na kasama ka, makukulong ka. Ang sabi ko sa kanya, 'Paano ang mga anak natin pag nakulong ka?' di bale sana yung ibang anak namin, malalaki na, di ko na masyadong problema, eh yung bunso ko, 1973 ko lang pinanganak. Ayaw ko siyang pasamahin dahil sa hulihan, ilang beses ba siyang nakulong? Dalawa! Pero kung sabagay, kahit pumasok siya sa kilusan, nakuha naman namin itong pwesto na ito.
>
> May mga *time* kasama rin ako sa *rally*. Dahil siya ang lider dito, umakyat kami sa Malacañang, ayaw sila pababain doon. Nasa kalsada rin kami hangga't di siya manaog doon. Matagal din naming nakuha itong lupa. Noong una niyang kulong, nine months. Noong pangalawa, anim na buwan. Hirap talaga kami, di namin siya makita kung saan siya itinago. Hanggang bumaba ang Martial Law. Dun na kami nagkaproblema. Hinahabol na siya dahil naging lider na siya sa NCR, lumaki ang katungkulan niya, di na lang sa Tundo. Nung umakyat siya sa Malacañang, nakausap pa niya si Madam Imelda, ang sabi raw, 'Oo sige, ibigay na sa inyo yung mga hinihiling ninyo.' Yun pala, alibi lang. Pagbaba niya rito galing sa meeting, sabi niya, 'Sabi ni Madam, ibibigay na raw ang hinihiling ng mga *squatters,* yung mga lupa, ipamimigay na.' Dati, tulay yang *stoplight* na yan, dagat pa yan, tulay yan dito hanggang doon, pagbaba niya, mayroon na palang nakasunod sa kanya, pinik-up siya. Ang hirap ko noon! Araw-araw nagpupunta kami sa Bicutan, kasi may nakapagsabi sa

akin, nandun daw. Pero pagdating doon, wala raw. Araw-araw laging ganon. Sinasamahan ako nina Sr. Maria at yung paring Amerikano, sakay nila ako. Araw-araw, wala talaga! Umiiyak na ko, yung mga bata umiiyak din. 'Diyos ko, saan namin hahanapin ito? Saan napunta si Ka Eddie?' Tapos may nakapagsabi ang pangalan niya nandiyan. Kasi yung building sa Bicutan, mababa, parang nakalubog siya, kapag nandun ka sa ibaba, makita mo lang yung bintana na may jalousy. Parang *basement*. Kaya lang may bintana na makikita. Pag nanduon ka sa itaas, makikita mo sila dun sa ibaba. Nung tatlong linggo na yata siya, isang araw, lagi kasi ako nakatayo sa gate eh, tapos si Ka Elsie, asawa ng kasamahan ko, nakita kami dun sa bintana. Ang ginawa niya, kumaway siya nang ganyan. Eh siyempre, maitim kasi ang kamay ni Mr. Guazon, may singsing siya. Sabi ko, 'Hay! Nandun si Eduardo! Hay! Hay!' Sigaw kami nang sigaw! Sigaw din nang sigaw si Eduardo, 'Nandito kami! Nandito kami!' Ayun, dun lang namin siya nakita. Sabi namin sa gwardiya? 'Bakit sabi ninyo wala??? Ayun o! Ayun ang mister ko!!!' 'Ah yun ba ang mister niyo?' Magmula nun, nakakuha na kami ng *permit*. Tuwing Linggo naka-kadalaw na kami.

Wala namang pinatong sa kanyang kasalanan. Basta lang dinampot siya dahil kesyo raw lumalaban kasi. Nakaupo raw siya tapos bigla raw sipain yung upuan. Masarap ang buhay niya doon sa loob kasi ang mga kasamahan niya, mayayaman ang mga abogado. Linggo-linggo parang piyesta, may nagdadala ng litson. Tumaba nga siya nang nakulong siya doon.

Diyos ko, kami naman dito, nagtrabaho ako sa pabrika. Kahit paano, naka-*survive* kami. Yung anak kong panganay, nagtrabaho dun sa Bureau of Public Works, kaya kahit paano, nabuhay din kami. Ako naman, nanahi ng bra, kung ano-ano, kahuli-hulihan nga, nasa pabrika ako ng bag pang-eksport sa Amerika. Tapos nung makalaya na siya, ilang buwan lang iyon, nakulong na naman siya, kasama pa ang anak kong si Gloria. Matatawa ka nga, may nag-*knock-knock*. 'Sino ho kayo?' 'Nandito ho ba si Gloria?' 'Ako ho,' sabi ng anak ko.

'Huli ka!' Kasama tatay niya. Dalawa na silang dinampot. Dinala naman sila sa Fort Bonifacio, mga tatlong buwan. Wala ring ipinatong na kaso. Basta lang hulihin kasi nakita ngang sumasama. Sayang nga ang kanyang lisensya, kasi radio operator siya at nakapagtrabaho na ng anim na buwan. Nagtrabaho din sa Banco Central. Di na siya nakabalik kasi kinuha yung *clearance*.

## Para Akong "Kabit," Mayron Kaming Araw

Pagpapatuloy ni Ka Feling,

Minsan, nakipagtalo din ako kay Ka Eddie pero hanggang doon lang. Sabi niya sa akin, 'Kung hindi tayo ang kikilos, sino ang kikilos?' Pero ang sabi ko, 'Paano nga kung may mangyari sa iyo?' Gaya nga nung makalabas diyan, akala mo tapos na. Naku! nagtago na naman lagi kasi hinahabol saan man pumunta. Magtatago dun sa kapatid ko sa Navotas, sa Dagat-dagatan. Nag-iinom-inom muna ako kasi nga natatakot ako. Sa loob-loob ko, 'Diyos ko, anong buhay ko ito?' Para tuloy akong kabit, mayroon kaming araw.

Minsan tinatanong niya ako kung nagagalit daw ba ako sa kanya. Sabi ko, 'Paano na lang ang pamilya mo? Hindi ka ba naaawa sa amin?' Sabi niya, 'Naaawa naman ako, pero bago ko naman kayo iwan, alam ko namang mabubuhay kayo eh.' Eh wala na akong magagawa doon. Yung mga anak ko, kinausap din siya. Sabi, 'Tay wag na kayong sumama diyan, ang dami-dami namang lider diyan. Dito ka nalang sa bahay.' Pumayag naman siya. Alam mo nangyari? Nangayayat siya, kasi yung isip niya nandun sa pagkilos. Kaya sabi ko sa mga bata, 'Sige pabayaan nyo na lang kasi yun ang kaligayahan niya.' Ayun, larga na naman siya. Masayang-masaya siya. Saka kahit papaano, lagi naman kami nagkikita. Minsan-minsan, may pinapapunta siya sa bahay, tinatanong kung anong lagay namin.

> Napakasipag, lagi siyang may *talk*. Nangangaral palagi. Kapalit naman noon, pinapakain siya, tapos iniipon niya iyon, binibigay sa amin. Matalino ang tatay nila lalo na sa batas. Kaya yung mga iskwater, pinapaliwanagan niya lagi na ganito ang buhay natin, huwag kayo sumuko, at huminahon din lagi, kasi balang araw, makakamtan din natin talaga. Nakamtan nga namin.

## Kampanyang LABAN ng Eleksyong 1978

Para ipakita kunwang papunta na ng normalisasyon ang bansa, magdaraos muli ng halalan sa 1978 para sa Interim Batasang Pambansa. Sinamantala ng oposisyon ang pagkakataong ito para muling makipag-usap sa taumbayan sapagkat noong mga panahong iyan, patay ang demokrasya—bawal magtipon-tipon, may busal ang *press* at balewala ang mga kalayaang sibil ng mamamayan. Si Trining Herrera ang tumakbo bilang kinatawan ng maralitang tagalunsod kasama si Alex Boncayao mula sa sektor ng manggagawa at Jerry Barican ng kabataan-estudyante (Fortich, 1991: 76). Sabi ni Ka Trining,

> Nung 1978, binisita ko si Ninoy Aquino sa Camp Laur, kasama ko si Sr. Christina Tan. Sabi nya, 'O, Trining sama ka sa grupo ko, kakandidato tayo sa Batasang Pambansa. Hindi ako pwedeng lumabas. Magsalita ka na lang.' Kaya ako ang nagsasalita. Kaya pagkatapos ng eleksyong 1978, nasa Order of Battle ako.
>
> Nagsasalita ako nun, yung sa Philippine Heart Center, 'May inoperahan yung doktor, walang puso! Yan si Marcos. Si Marcos walang puso.' Nung una takot pa ang mga tao, dun sa Parañaque kami pero dun sa mga bintana nakikinig. Hanggang sa lumakas. Nung pumunta kami sa Concepcion, Malabon, ang daming tao! Sa Marikina, daming tao! Sa University Belt! Sa UP, binigyan ako ng standing ovation ng mga propesor sa UP.
>
> Pagkatapos ng botohan, umiskyerda na ako kasi nasa Order of Battle na ako. Pag nakita nila ako babarilin na lang nila ako. Hindi naman ako nagtago. Hindi naman

ako pwedeng lumantad. Pero hindi naman pwedeng wala akong gagawin.

Mga *one year* ako sa ganyang *mode*. Kinausap nila Sr. Christine Tan si Enrile na alisin na ako sa OB. Pumayag si Enrile. 1979 bumalik na ako sa ZOTO ulit. Nung *time* na yon, Secretary of National Defense siya, malapit na rin siyang mawalan ng gana kay Marcos.

Noong mga panahong iyon, na hindi ako lumalantad sa religious naman ako kumilos. May time nakasuot pa ako ng damit ng madre. Naniniwala kasi ako na dapat ma-*involve* sila talaga.

Isa ang Tundo sa pinakamaingay noong Abril 6, 1978, bisperas ng eleksyon, nang ilunsad ang *noise barrage* ng LABAN (Lakas ng Bayan), para iparamdam sa pamahalaan na nagmamatyag ang taumbayan sa anumang dayaan at katiwalian na binabalak ng rehimeng Marcos sa eleksyon. Tugon din ito ng bayan sa panawagan ni Ninoy Aquino na ipakita na siya ay naririnig ng mamamayan (De Dios: 151). At nagkatotoo nga ang kanilang hinala. Dinaya ang eleksyon, inilampaso ng Kilusang Bagong Lipunan (KBL) ang LABAN kahit sa mga lugar na balwarte ng oposisyon. Ayon kay Nanay Leleng,

Nakilahok kami sa 1978 election. Siyempre dala-dala namin si Trining saka si Alex Boncayao. Sinuportahan namin ang LABAN, di ba kandidato din si Ninoy? Niloko lang ni Marcos ang tao. Biruin mo ang dami kong hatak dito, siguro may 200 katao tapos ang boto sa amin lilimang piraso??? Kulang pa para sa aking kamag-anakan! Grabeng-grabe ang dayaan noon! Dun ako nagsimulang magalit nang husto. Galit na galit ako, inisip ko lumaban na. Tinanggap ko lahat kung saan ang aking alam. Kaya nung nagsimula yung galit na yun, hanggang ngayon nagagalit pa."

Habang napunta sa Dagat-dagatan si Ka Trining, nai-*award* naman ang lupa at nanatili sa kalyeng Maginoo at Mabuhay sina Nanay Feling at Nanay Leleng. Ani Ka Leleng:

Nakapagpatayo kami ng bahay noon dahil namigay ang German Foundation sa pamamagitan ng ZOTO (Zone One Tondo Organization) ng pako, yero at tabla. Noong 1984, nagkaroon ulit ng Grand Housing, semento naman, pinto, graba at mga yero ulit. Halos P90 lang ang binayaran ko. Kaya yan ang malaking tinatanaw ko rin sa kilusan. Kung di dahil diyan, hindi kami nagka-bahay. Wala kaming ilaw. Noong araw, kinukuha pa namin sa Piyer 8 ang kuryente namin. Ang *wire* noon magmula doon hanggang amin kaya pag nagkaroon ng aberya, sunog kaming lahat dahil ang mga bahay namin noon, plywood lang ang bubong at dinding. Kaya pag nagkasunog, minuto lang lapnos agad kami. Sa mga pagkilos noon para bigyan kami ng ilaw, dala-dala ko pa ang mga anak ko, maliliit pa, uhugin pa. Sabi sa akin nung anak ni Lopez, 'Ang aga nyo namang mamasko nanay.' 'Hindi kami namamasko. Mayroon kaming problema. Wala kaming ilaw. Nanghihingi kami sa inyo ng ilaw. Bigyan ninyo kami ng poste at iba pang mga *requirements*. Gusto naming magkailaw sa lugar dahil lagi kaming nasusunugan.' Di nagtagal, tinayuan kami ng anim na poste. Nagkailaw kami. Tagumpay! Ang sabi sa amin ng Chairman ng Barangay, papuputol daw niya daliri niya pag nagtagumpay kami. Kaya nga nung nagtagumpay kami, sabi ko, 'Nasan ang daliri nyo, puputulin ko. Ayan ang ilaw! Alam nyo hindi lang kami ang makikinabang pati kayo. Sige. Ilagay lahat ang mga kamay sa mesa puputulin ko.'

## Ang Simula ng Pagbubuo ng mga Organisasyong Pangkababaihan

Sa simula, ang pakikisangkot ng mga kababaihan ay sa pamamagitan ng mga samahang pangmagkakapitbahay at mga pambansang samahan ng mga maralitang tagalunsod para ipaglaban ang karapatan sa lupa, paninirahan at kabuhayan. Noong dekada 60 at 70, binuo nina Lorena Barros, isang lider-estudyante ng UP ang

MAKIBAKA (Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan) na humalaw ng inisyal na kasapian mula sa Women's Desk ng KM (Kabataang Makabayan) at SDK (Samahang Demokratiko ng Kabataan) upang isulong ang kilusang mapagpalaya sa hanay ng mga kababaihan kasabay ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Nagbuo sila ng iba't-ibang balangay sa mga paaralan at komunidad. Binuo nito ang MAKIBAKA Mother's Corps, na binubuo ng mga ina, kamag-anak at mga kaibigan ng myembro. Nagtayo sila ng mga narseri upang maorganisa at matulungan ang mga ina sa komunidad (David-Maramba,1997: 42–87 at Arriola, 1989: 83–84). Dalawang *day care centers* ang itinayo ng MAKIBAKA sa komunidad ng mga maralita, ang una ay sa Leveriza (parteng Tundo-Binondo) at ang ikalawa ay sa Tundo. "Sa Tundo, ang mga magulang ay tumulong sa konstruksyon ng mga silid-aralan at sa pananatili at operasyon ng mga tanggapan." Kasabay ng pagpapatakbo ng mga *day care centers* ang pagbibigay ng edukasyon sa mga magulang ukol sa moderno at siyentipikong pag-aaruga ng anak, pagpapalaganap ng pagpapasuso ng ina at ang paggamit ng *acupuncture* at halamang gamot (Corpuz, 2003: 90).

Subalit hindi nagtagal ang MAKIBAKA. Nasa kasagsagan ng mga pakikibaka kontra demolisyon ang mga maralita ng Tundo at sa paglahok sa lumalakas na protesta sa pagkakapatay kay Ninoy Aquino nang mabuo naman noong 1984 ang SAMAKANA o Samahan ng Malayang Kababaihang Nagkakaisa. Sa simula, ang SAMAKANA ay pinamunuan ni Petite Peredo at isang malaking pangkat ng mga ina sa Marikina na nakilalang Concerned Women of Marikina. Nang lumaon, tinawag nila itong SAMAKANA (Corpuz: 90 at Piglas-Diwa,1988:18). Ang SAMAKANA ay isang pagpupunyaging humantong sa pagtatatag ng multi-sektoral na samahang pangkababaihan, ang GABRIELA (General Assembly Binding Women for Integrity, Equality, Leadership and Action). Ayon kay Nanay Leleng, ang

SAMAKANA (ngayon ay Samahan ng Maralitang Kababaihang Nagkakaisa) ang organisasyon ng maralitang kababaihan na tatayo sa Tundo:

> Pagkamatay ni Ninoy noong 1983, pumasok naman ako ng SAMAKANA noong 1984. Ang SAMAKANA ang unang organisasyong pangkababaihan ng mga maralitang tagalunsod. Ako ang unang lider ng kababaihan dito. Naunang naitayo ito bago ang GABRIELA. Nilalabanan ng SAMAKANA ang pambu-bugbog ng mga lalaki. Ganon din yung kahirapan. Inoorganisa namin yung mga babaeng inaapi ng asawa. Dito sa loob ng North Harbor, ako ang unang naging SAMAKANA. Pagkatapos pa ng isang taon bago nagkaroon ng GABRIELA. Pero na-*maintain* ang SAMAKANA. Nagkaroon pa nga ng kabuhayang pautang dito. Noong tumayo na ang GABRIELA, parang na-*combine* na yung mga SAMAKANA members at GABRIELA. Kasi si Nanay Mary nasa GABRIELA na. Siya yung dating *national leader* ng SAMAKANA. Alam mo ba ang SAMAKANA, buong Pilipinas yon. May Iloilo, Bacolod, Cebu. Sa Tundo mayroon kaso, wala silang lider. Mayroong lider dito sa Smokey Mountain, yung umalis noong nakaraang Linggo. Nakitira lang yon sa *building* ng Diosdado Macapagal Tenement. Nagkaroon din dati ng *day care* sa Magdalena at Fugozo. Pero wala ng eskwela ngayon, parang opisina na lang. Mayroon din isang opisina sa may N. Hizon.

Ang layunin ng SAMAKANA ay upang matulungan ang kababaihan sa mga komunidad ng maralitang lungsod na makamit ang kabuuan nilang pag-unlad tungo sa kanilang paglaya. Kasama rito ang sistema at serbisyo sa pag-aalaga ng bata at mga serbisyong pangkalusugan para sa kababaihan (Piglas-Diwa: 18). Itinatag ito noong Setyembre 14, 1983. Organisasyon ito na nagsusulong ng karapatan para sa sa paninirahan, serbisyong panlipunan, sahod at trabaho. Kasabay din nitong ipinaglalaban ang karapatan bilang babae at ang adhikang mawakasan ang tumitinding paniniil at karahasan sa mga bata at kababaihan. Umiikot

sa pag-oorganisa, pagbibigay ng edukasyon, pagsasagawa ng mga misyong medikal at paglulunsad ng mga kampanya ang gawain ng SAMAKANA.

Dito ay kinilala ng mga lider-maralita na kailangan na ring tugunan ang lumulubhang problema ng kababaihan sa karahasan sa loob ng tahanan tulad ng pambubugbog at pamimilit. Pang-araw-araw na nangyayari ito sa mga mag-asawang Pilipino lalo na sa hanay ng maralita sa Tundo.

Dumaraing na rin ang mga kababaihan sa hirap dulot ng dobleng pasanin, pag-aasikaso sa mga anak habang hirap din sila sa pagtatrabaho, pamimigil ng mga mister nila na lumahok sa mga gawaing pangkomunidad at pakikisangkot sa mga pampulitikang usapin tulad halimbawa ng pabahay. Ito ay liban pa sa nilalahukan nilang mga pakikibaka laban sa demolisyon, patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo at mataas na sahod kung manggagawa.

Ayon kay Nanay Leleng, sadyang mahirap para sa mga babae, dagdag na oras ulit ito, at kaabalahan sa patung-patong nang gawaing nakaatang sa kanilang mga balikat, pero aniya, ito'y isang positibong gawain para na rin sa pagpapalakas ng kanilang sarili.

> Naniniwala rin ako nung maliliit pa ang mga anak ko sa kasabihang dalawang oras lang ang ibabahagi ko sa kilusan. Halimbawa galing ako sa pagtitinda, alas-10 ng umaga, magluluto ako. Maghahatid ako sa eskwela, maglalaba nang kaunti. Alas-3, alas-4, pupunta ako sa mga kapitbahay ko. Kwento-kwento, kumustahan. Malaking ambag na iyon sa kilusan. Ang kilusan kasi pangmatagalan iyan eh, hindi bukas-bukas lang.

Nakapagpapalakas sa mga kababaihan ang mismong pagsali sa organisasyon, pagdalo sa mga *seminar* at pagsama sa mga rali. Ang halaga ng mga ganitong organisasyon at aktibidades ay malawak, mula sa pagtugon

sa kagyat na pangangailangang pangkabuhayan, at seguridad sa paninirahan hanggang sa emosyunal na katatagan at sa mas mataas pang antas ng pagkamulat at paglaban sa kanilang karapatan at pakikisangkot sa mga usaping pambayan.

Magulo na ang sitwasyon noong 1984 dahil sa pagka-kapatay kay Ninoy Aquino noong Agosto 21, 1983. Nagbunga ang pangyayaring ito ng napakaraming ispontanyong pagkilos ng mamamayan laban kay Marcos. Panahon din ito na kayraming koalisyon at alyansang nabubuo na nagkakaisang labanan at pabagsakin ang diktadura at rehimeng militar ni Marcos. Kabi-kabila ang mga rali at demonstrasyon laban sa Batas Militar. Malakas ang pagkilos ng iba't-ibang sektor sa Maynila at iba pang sentrong urban. Ang mga pagkilos ng manggagawa ay umaabot sa tinatawag na koordinadong welga o welgang pang-industriya. Welgang bayan naman ang isinasagawa ng mga tsuper. Ito rin ang panahon ng pagsukdol ng krisis pang-ekonomiya ng Bagong Lipunan, ng malalang krisis ng pangungutang panlabas. Maging ang malalaking negosyanteng Pilipino at mga relihiyoso ay nakisama rin sa pagtuligsa sa pamahalaan hanggang ang naging *battlecry* ng lahat ay "tama na, sobra na!"

> Sa Tundo, ang malalaking koalisyong pang-maralitang tagalunsod sa dekada 80 ay pinangungu-nahan ng KPML (Konggreso ng Pagkakaisa ng Maralitang Tagalunsod) na pinamumunuan ni Eduardo "Ka Eddie" Guazon, ang bana ni Nanay Feling. Ang ZOTO ay napailalim sa KPML. Maitatayo rin ang GABRIELA noong 1984 at makikipag-uganayan ito sa mga taga-Tundo pagdating ng 1985. Mananatiling kumikilos ang SAMAKANA sa Tundo hanggang magsanib na ang GABRIELA at SAMAKANA bilang isang organisasyong pangkababaihan na kumikilos sa sektor ng maralita sa Tundo.

## Pagkatapos ng Unang EDSA, 1986

Ayon kay Nanay Feling,

Pinakamahirap na siguro sa sitwasyon ko yung kay Ka Eddie, bilang asawa niya, kailangang intindihin ko siya kung anong ikaliligaya niya. Napakahirap nung sitwasyong hindi na siya umuuwi ng bahay dahil nga nagtatago na siya. Para rin kaming magkahiwalay. Sabi ko nga sa kanya, alam mo ang buhay ko, para akong kabit. Dahil nga nagtatago kami. May araw lang ang pagkikita. Maliban don, masaya naman kami. Hindi namin talaga pinroblema ang kahirapan. Basta kami, sama-sama kaming kumakain, kahit minsan kumakain kami ng lugaw. Maprinsipyo talaga si Ka Eddie. Kahit dito sa *community* kahit noong hindi pa siya *involved, president* siya ng Kapisanan namin, respetado talaga siya ng tao. Nagpapayo siya, mahinahon siyang makipag-usap. Hindi siya masalita pero pag nangusap siya, humanda ka dahil *strike* talaga sa iyo. Lagi siyang nasa tama. Hindi siya marunong magsinungaling, wala rin siyang bisyo. Hindi umiinom, hindi nagsisigarilyo. Ang tanging bisyo lang niya, bumili ng pahayagan. Uso pa noon ang *Free Press.* Naku! Ang kapal ng dyaryo namin noon.

Pero hindi siya doon tumigil. Nagpatuloy siya sa pagkilos, madami pang iskwater, lagi siyang nakaalalay. Kaya nga namatay siya noong 1989 on duty. May *hearing* noon sa Senado, iniimbestigahan ang karahasan ng mga pulis sa mga demolisyon. Marami kaming *clippings* sa kung anu-anong pinaggagawa ng mga pulis kapag may demolisyon. Pag nagdemolis sila, wala silang demolition paper. Kahit yung may nakaburol na patay, dinedemolis, kinakalawit ang bubong, tapos yung mga tao, pinapalo ng baril. Lahat yun naka-*camera* noon, lahat yun kini-*clipping* niya. Lahat ng ebidensya naka-*clippings*. Kaya nung nag-hearing, nagkaharap sila ni Senator Tañada, kasi ang demanda nila sana, yung mga magdedemolis, magbigay ng *demolition paper*. At huwag naman sana masyadong harasin ang tao,

kasi nandiyan pa ang patay, kinakalawit na yung bubong. May tumatae, makikita mo, pinapalo pa nila. Sabi niya, yung mga pulis, dapat igalang ang tao, kahit iskwater sila, tao rin yan. Kahit na mahirap yan, huwag naman iha-*harass*. Tumayo ngayon yung isang pulis, dinuro siya 'Sinungaling! Hindi totoo yang pinagsasabi mo!' Eh sabi naman ni Ka Eddie, 'O, tingnan mo itong mga clippings ko!' Tapos dun nag-*collapse* na siya. Naitakbo siya sa PGH pero *dead on arrival* na si Ka Eddie. Hindi namin alam na may sakit siya sa puso. Nang magkita kami ng Biyernes, tinanong niya ako, 'Nasan ba ang puso?' Sabi ko, 'Bakit hindi mo ba alam, nasa kaliwa.' Kasi sabi niya masakit dito tagos sa likod. Di medyo minasahe ko, sabi ko, 'Ikaw naman kasi puro ka lakad, puro ka lakad. Kayong mga lider, dapat may *check-up* kayo.' Sabi niya, 'Huwag, masakit.' Sa Lunes, may *general check-up* kami." Sabi ko, 'Huwag mong pabayaan, kasi mamaya may sakit ka na sa puso.' Umoo siya. Kaso namatay siya nang Biyernes ding iyon sa *hearing*.

## Masaya Pala Kapag Nakakapaglingkod sa Kapwa

Noong 1989, namatay si Ka Eddie habang dinidinig ng Senado ang isyu sa mararahas na demolisyon. Nakikipagsagutan si Ka Eddie sa mga pulis nang atakihin siya sa puso, *dead on arrival* sa ospital si Ka Eddie (Touched by His Life, 2–3). Lahad ni Nanay Feling,

Masakit man ano ang gagawin ko? Noon pag nagbibiruan kami, sinasabi ko sa kanya, 'Ayaw ko na akong maiwan kasi marami tayong anak. Ang gusto ko, ikaw ang maiwan.' Lagi niyang sinasabi sa akin, 'Ikaw, ihanda mo ang sarili mo. Ang buhay ko dinoneyt ko na sa mga tao. Kaya't anu't-anuman, ihanda mo na yung sarili mo.' Eh wala akong magagawa. Talagang ganun eh, yun ang gusto ni Ka Eddie. Ang kahuli-hulihang

buhay niya ay ialay sa mahihirap. Kahit naman daw mamatay siya, malalaki na ang mga anak niya.

Talagang masakit. Nagkandaiyak-iyak ako. Diyos ko! Ang mga bata. Kung wala ang mga anak ko, kung ang mga anak ko salbahe, matagal na akong…sila rin ang sumalo sa akin, sa mga iba nilang kapatid na di pa tapos mag-aral. Yung anak kong engineer, hindi niya kami talaga pinabayaan. Dahil nandiyan sila at naka-paligid sa akin, natanggap ko na rin. Hanggang matigil na ang pag-iyak ko. Hanggang ngayon, maayos pa rin ang buhay namin. Mababait ang mga anak niyang iniwan. Wala akong naging problema.

Alam mo ba nung nilibing si Ka Eddie? Diyos ko! Ang dami-daming tao! Binurol dito yan nang tatlong gabi, puno yan! Ni-*request* ng mga tao, ilipat sa sentro, dun sa Monumento, may *chapel* dun na malaki, doon siya nang 10 araw. Gabi-gabi ang misa, ang dami-daming tao. Yung nilibing siya, lakad lang, makikita mo yung litrato, grabe talaga ang tao! Yung ataul, nahipo ko na lang, hindi ka makasiksik sa dami ng tao, nauna lang kami sa kabaong. Sabi ko, wala talagang pag-aari siya ng tao. Nung dinala siya sa Norte, nahipo ko na lang ang ataul, hindi ka makasiksik, naipasok na siya sa nitso, ang mga tao nandun, hindi pa makapasok sa sementeryo sa dami. Buong NCR eh.

Masaya pala kapag nakapaglingkod ka sa kapwa mo. Masaya pala. Sabi nga ng mga tao, ang swerte ni Ka Eddie dahil namatay siya sa kainitan at nasa *duty* siya ng mga *time* na iyon. Kaya talagang grabe ang tao, ang laki ng abuloy. Malaki din ang gastos siyempre kasi sampung araw, doon gabi-gabi, ang daming nagdala ng pagkain. Yung iba galing pa sa ibang probinsya, masikip ang kalsada. Hanggang ngayon maraming nakakaalala. Wala naman nakalimot kay Ka Eddie.

Si Ka Trining, sa kabilang banda, ay nagpasya na bigyan ng malaking panahon ang pag-aasikaso sa mga maliliit na anak pagkatapos ng EDSA 1986 habang nagpupundar ng maliit na negosyong panggagalingan ng

kanilang kabuhayan (capiz). Humaliling pangulo sa kanya sa ZOTO si Gng. Lydia Ela samantalang si Ka Trining ay nagsimula sa lokal na pamamahala sa pamamagitan ng pagiging Punong Kagawad ng kanilang Barangay noong 1989 (na katumbas din ng Tagapangulo ng Barangay) at naging Punong Barangay mula 1994–2002 o katumbas ng tatlong termino ng pagiging Barangay Chair. Noong 2007, tumakbo siyang konsehal sa Kalookan. Bagamat hindi nanalo, nakakuha pa rin siya ng 15,000 boto sa kanilang munisipalidad. Sa ngayon siya ang Tagapayo ng Association of Senior Citizen sa kanilang Barangay.

Bagamat dumako na sa lokal na pamahalaan si Ka Trining, nanatili pa rin siyang Tagapangulo ng SELDA Chapter sa Dagat-dagatan, Kalookan, at myembro ng BAYAN (Bagong Alyansang Makabayan). Lumalahok din siya sa malalaki at importanteng pampulitikang pagkilos halimbawa tuwing Mayo Uno, EDSA 2 at naroon din siya nang maganap ang Mendiola Massacre noong 1987.

Si Nanay Leleng naman ay nagpatuloy sa militanteng tradisyon ng pagkilos hanggang naging pambansang Tagapangulo ng KADAMAY. Lahad ni Nanay Leleng,

> 1986 wala na ako sa ZOTO. Nagkaroon kami ng problema sa ZOTO. Itinayo naman namin ang PAMASO (Pagkakaisa ng Mamayan sa Sona Uno). Ang *chairperson* niyan si Jovita Flores. Ako ang *vice, full-time* na akong kumikilos. At sa panahong ito, marunong na akong magdala ng pulong, gumawa ng programa para sa pulong-bayan. Marunong na akong mag-*command*, naging aktibo na talaga ako at handa nang kumilos sa mga panahong iyan. Binigay ko na talaga ang buhay ko para sa kilusan. Noong mamatay si Ka Vita, hindi pa bitak. Pagdating ng 1989, nagkahiwa-hiwalay ang PAMASO. Ang iba napunta sa SANLAKAS, yung iba sa ANAKBAYAN. Kami naman nagtayo ng PAMATO (Pagkakaisa ng Mamamayan ng Tondo), na later binuwag din dahil may PAMATO ang mga manggagawa. Mababaw lang ang isyu namin sa PAMATO na parang

sa ZOTO, linis ng kanal, *medical mission*. Noong may demolisyon sa Roxas Boulevard sa panahon ni Ramos, tumindig din ang kumpederasyon diyan. Lumaban kami nang husto. May mga nabayarang pamilya, una tig-10,000; naging P50,000 hanggang yung lumaban pa ang mga natira, nabayaran ng tig-P250,000 ang bawat pamilya. Doon na rin nalusaw ang PAMATO dahil may PAMATO nga sa manggagawa. Ang PAMATO dito lang sa North Harbor yan, hindi na lalabas ng Tundo. Ang LUPA (League of Urban Poor Associations) na itinayo din namin noong 1994, ay pambansa. Pero pagdating ng 1998, napunta sa KPD (kilusan sa Pambansang Demokrasya).[2]

Noong 1998, itinayo namin ang KADAMAY bilang pambansang organisasyon ng mga maralita at ang tagapangulo ay si Ka Mameng—Carmen Deunida. Ako ang tagapangulo sa KADAMAY-NCR at Vice Chair sa national. May mga balangay ito sa Maynila, Alabang, Navotas, Caloocan, Marikina, at Valenzuela. Isa itong pambansang organisasyon na nagdadala at nagpapayo sa kabuuang problema ng maralita sa buong Pilipinas. Dinadala nitong isyu ang trabaho, demolisyon, kahirapan, kagutuman, kabuhayan at kung anuman ang problema ng maralita. Isa lang ang lalaki sa opisyales ng KADAMAY, yung Vice, lahat babae na.

Nakipaglaban kami doon sa road widening sa Commonwealth, pati dun sa Agham Road at EDSA. Dahil doon, nabuhay ulit yung kilusan kontra demolisyon. Kung ano-ano ang pinagtatapon ng mamamayan doon. Tae, putik sa kanal. Yung mga kabataan sa Agham, mangunguha sila ng supot-supot na dumi galing sa kanal na mabaho.

Ipinaliwanag niyang hindi napako ang pang-unawa niya sa lipunan, "hindi naman palaging makitid ang pang-

[2] Ang KPD ay isa uling organisasyon na humiwalay sa *main stream* Nationalist Democratic block. Karamihan ng nagpasimula nito ay mga nangungunang kadre nila noon sa Gitnang Luzon (Panayam kay Levi Gutierrez, 18 Agosto, 2011).

unawa mo. Darating talaga ang oras na maiintindihan mo nang buo." Sapagkat pagkaraan ng ilang taon ng pananatili sa kilusang militante, tumaas din ang pang-unawa niya at niyakap ang pakikibaka ng lahat ng maralita, ang mga ito, magkakaugnay, at may bulok na sistemang pinag-uugatan. Sa ngayon, bilang Pambansang Tagapangulo ng KADAMAY, ganito na manindigan si Nanay Leleng,

> Naniniwala ako sa organisasyon na pinasukan ko. Ito talaga ang tunay na nagkakalinga sa maralita. Wala akong kamag-anak, wala akong malapitan kaya pumaloob ako sa kilusan dahil naniniwala ako na ipagtatanggol nila ako. Hindi ako mapaghanap. Kita mo naman sira-sira ang bahay ng *mass leader*. Walang scholarship ang mga anak ko. Pero naniniwala ako na totoong organisasyon ang pinasukan ko. Hindi bayaran. Hindi nasisilaw sa pera.
>
> KADAMAY leader ako. Paninindigan ko ito, kamatayan man tatayuan ko yan. Pag may *mob,* nasa harapan ako, kaharap ng pulis lalo na pag US Embassy kami. Sasabihin ko sa mga pulis, 'Sir huwag nyo kaming dahasin, sagot ko yan. Hindi kami gagawa ng masama dito. Nandito lang kami upang sabihin ang katotohanan na nararamdaman namin sa panahon ngayon.' Pagkatapos niyan, ilang minuto kaming pagbibigyan, aalis din kami nang maayos. Huwag nyo kaming saktan dahil hindi kami lalaban. Ginagarantor ko sila. 'Ako na lang ang damputin nyo huwag na iyan. Ako na lang ang dalhin nyo, huwag yan, hindi kami nanggugulo.' Sasabihin naman ng pulis, 'Sige nanay, sige nanay. Umasa kayo.' Mahalaga ang mga pag-aaral sa pagpapalakas. Hindi naman pwedeng susungkab ka lang. Dapat puno ka rin ng edukasyon. Isipin mo na lang kung hindi ka kikilos, sino ang kikilos? May mangyayari ba? Biruin mo naman sa mga kabi-kabilang demolisyon, sa San Juan, sa Navotas, may dalawang namatay dun bago pa natigil ang demolisyon. Natuto akong mag-organisa, yung gawaing masa. Natuto akong magdala ng pulong. Minsan nga nagpupulong kami diyan sa

Espiritu Santo, tapos may mga pulis sa ibaba, huhulihin kami. Lumusot kami sa likod. Pero sabihin ko sa iyo, sa mga ganyang karanasan ako tumapang. Karanasan ang magtutulak sa isang tao para tumapang. Hindi sa taas ng pinag-aralan. At kapag tumatapang ka, tumatatag ang iyong laban.

Noong nag-asawa sila, nag-*full-time* na rin ako sa KADAMAY tutal nasa tamang edad na sila. 24 na ang bunso ko. *Enjoy* ako. Masaya ako sa buhay ko ngayon. Biruin mo, nanay ka ng buong Pilipinas! 'Nanay, nanay, may miting kami, speaker ka ha?' Mga ganon!

## Pangwakas

Sina Nanay Feling, Ka Trining at Nanay Leleng ay halimbawa ng mga babaeng taga-Tundo na hindi nagpadaig sa kanilang limitasyon at sumangkot sa malawak na pagpupunyagi ng mamamayan para sa karapatan nila sa lupa at paninirahan. Mahigit 50 taon ang ginugol nila sa paglilingkod sa kilusan ng mga maralitang tagalunsod. Si Nanay Feling, sa pamamagitan ng pakikipagtuwang sa kanyang asawang aktibong lider noon sa kilusang maralitang tagalunsod, ang bumalikat sa papel ng ama't ina habang ang asawa ay tinutugis ng batas at buong panahong kumikilos para sa mahihirap. Bandang huli, niyakap ni Nanay Feling ang pakikibaka ng asawa at tulad ni Tandang Sora, buong pusong tinanggap at sinuportahan ang pakikisngkot ng ilan pa niyang anak sa kilusan ng maralitang tagalunsod na nakipaglaban sa diktadura. Napagtanto niya ang saya sa paglilingkod sa kapwa tulad ng ipinakitang halimbawa ng kanyang bana at mga anak.

Si Ka Trining ang unang babaeng lider ng unang pinakamalakas na kilusang maralita, nagpakita ng kakaibang tapang at lakas para isulong at ipagtagumpay ang kauna-unahang *in-city relocation* sa Pilipinas. Labas-masok siya sa bilangguan at nakaranas ng matinding tortyur sa kamay ng mga militar. Katulad siya ni Tandang

Sora na tahasang nakatikim ng kamay na bakal ng militar, nadakip at napatapon sa Guam sa kabila ng katandaan.

Lumahok si Ka Trining sa Eleksyong 1978 at labis na hinangaan ang kanyang determinasyon at sinseridad sa paglilingkod. Halimbawa rin siya ng isang klase ng reaksyon ng mga babaeng nakikisangkot sa lokal na pamamahala nang siya ay tumakbo sa pagkapangulo ng Barangay at nagwagi sa loob ng tatlong termino. Pinili na ni Ka Trining ang pakikisangkot sa lokal na pamahalaan bilang daluyan ng kanyang paglilingkod sa mga kababayan. Bagamat nag-iba na ng anyo ng pagkilos, hindi niya lubos na pinutol ang kanyang militanteng tradisyon sapagkat siya pa rin ang tagapangulo ng SELDA sa Dagat-dagatan Chapter at tumestigo pa siya sa demanda ng mga biktima ng Human Rights Violations ng Rehimeng Marcos na kailan lamang ay napagtagumpayan nila.

Si Nanay Leleng sa kabilang banda ay nagpapatuloy sa militanteng tradisyon ng pambansa-demokratikong kilusan. Hanggang katandaan, aktibo at hindi sumuko si Nanay Leleng sa kanyang adhikain at nagpapatuloy ng pagkilos sa pambansang antas. Nagsumikap si Nanay Leleng na palakasin ang sarili, natutong magsuri, magmulat, mag-organisa, magdala ng pulong, magmobilisa at tumindig bilang tagapangulo ng sentro ng militanteng kilusang maralitang tagalunsod sa Pilipinas. Tulad siya ni Tandang Sora na sa kabila ng katandaan, hindi naglalaho ang diwang mapanlaban at makabayan sa kabila ng panganib na nakaamba sa kanyang buhay.

Maipapalagay na halimbawa sila ng mga bagong Tandang Sora ng ating panahon. Ang kabayanihan nila ay nakasalalay sa kung paano sila tumugon sa problema at pangangailangan ng kanilang partikular na panahon, si Tandang Sora laban sa kolonyalismong Espanyol; sina Ka Trining, Ka Leleng at Ka Feling, sa diktadurang Marcos at lahat ng kahirapan at kalupitang dulot nito. Tumindig ang mga malalakas na babaeng ito sa namumuno o suportang

posisyon, para isulong ang laban para sa karapatan, katarungan, kaginhawahan sa pamumuhay at kapayapaan ng kalooban. Tulad din ni Tandang Sora, halimbawa sila ng mga kababaihan sa katatagan at pagkamarubdob sa mithiin sa kabila ng mga dusa at lunggati, pasakit at panganib sa buhay.

## Sanggunian


Ambrosio, Dante L. "Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan: 1972-1982 Paghupa, Pag-ahon, Pag-agos." Sa *Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino 1900–1992.* Edited by Jaime B. Veneracion. *Philippine Social Science Review Special Issue* (January–December 1994): 146–190.

Arriola, Fe Capellan. *Si Maria, Nena, Gabriela atbp. Kwentong Kasaysayan ng Kababaihan*. Manila: GABRIELA at St. Scholastica's College, 1989.

Beltran, Benigno. Smokey *Mountain: Ravaged Earth and Wasted Lives*, Manila: Divine Word Publication, 1994.

Caoli, Manuel A. *The Origins of Metropolitan Manila: A Political and Social Analysis*. Quezon City: New Day, 1988.

Catapusan, Benicio T. at Flora E. Diaz-Catapusan. "Social Adjustment of Migrant Families." *Philippine Sociological Review* (October 1954): 11–12.

Center for Women Resources (CWR). "Maralitang Kababaihan sa Lunsod." *Piglas-Diwa: Isyu't Tunguhin sa Pakikibaka ng Kababaihan* 2, blg. 3 (Hulyo–Setyembre 1988).

Coronel, Edmund. "What Price Development for Squatters?" *Mr. & Ms.* Nov. 9–16, 1984.

Corpuz, Carmelita C. *Mula Noon Hanggang Gabriela: Ang Kababaihan sa Kasaysayan ng Pilipinas Hanggang mga 1980.* Manila: De La Salle University Press, 2003.

David-Maramba, Asuncion. "Maria Lorena Barros, *Gentle Warrior.*" *Six Young Filipino Martyrs.* Pasig City: Anvil Publications & ADM, 1997.

De Dios, Aurora J. "Participation of Women's Groups in the Anti-Dictatorship Struggle: Genesis of a Movement." Nasa *Women's Role in Philippine History: Selected Essays,* 141–168. Quezon City: UP University Center for Women's Studies, 1996.

Diaz, Josefina. Kababaiyan: Kababaihan Para sa Kalayaan. Quezon City: Socio-Pastoral Institute, 1997.

Fortich, Chic. *Escape! Charito Planas: Her Story.* Quezon City: New Day Publishers, 1991.

Hart, Don V. "Philippine Rural Migration: A View from Caticugan, a Bisayan Village." *IOR Science Notes* 1, no. 2 (1971): 103–137.

Honculada, Jurgette A. "Case Study: ZOTO and the Twice-old Story of Philippine Community Organizing." *Kasarinlan* 1, no. 2 (1985 4th qrtr): 13–24.

Jocano, F. Landa. *Slum as a Way of Life: A Study of Coping Behavior in an Urban Environment.* Quezon City: Punlad Research House, 1975.

Kimuell-Gabriel, Nancy. *Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo, 1946–2012.* Unibersidad ng Pilipinas, Disertasyong Doktoral, 2012.

Manila Comprehensive Land Use Plan and Zoning Ordinance. City Planning & Development Office. 2005–2020.

Naerssen, Ton Van. 1993. "Squatter Access to Land in Metro Manila." *Philippines Studies* 41, no.1 (1993): 3–20.

Pascual, Elvira M. "Internal Migration in the Philippines." The Population Institute First Conference on Population. University of the Philippines Population Institute (1966): 317–322.

Perez, Aurora E. "Trends and Patterns in Spatial Mobility." *Population of the Philippines Current Perspectives and Future Prospects,* edited by Concepcion, Mercedes B. NEDA Population Development Planning and Research Paper (1983): 43–77.

Reason To Hope. Share and Care Apostolate for Poor Settlers. DLSU Library, 1983.

Sta-Romana-Cruz, Neni. "Women in the Revolution," sa Guerrero, Milagros & John.

Schumacher, ______. *Kasaysayan: Story of the Filipino People.* Vol. 5: *Reform and Revolution.* Hong Kong: Asia Publishing Company Ltd., 1998. 168–169.

"Touched by His Life." *Souvenir Program for the First Death Anniversary of Ka Eddie Guazon.* May 10, 1990.

## Mga Panayam

Corazon, Jun. Moriones, Tundo, 16 Agosto, 2011.

Guazon, Edmund. Maginoo, Magsaysay Village, Tundo. 6 Abril 2011.

Guazon, Felicitas Griar. Maginoo, Magsaysay Village, Tundo. 7 Abril 2011.

Gutierrez, Levy. Mendiola, Maynila. 18 Agosto 2011.

Herrera, Trinidad Gerilla. Dagat-Dagatan, Caloocan. 22 Marso 2011 at 19 Pebrero 2012.

Teczon, Gaudencia. Alabang Hills, Muntinlupa. 27 Marso 2004. *Our Tondo: An Oral History of Tondo from the 1920s to the 1960s*. 3 Bolyum. Transkrip. Panayam ni Nancy Kimuell-Gabriel sa ilalim ng Proyektong Kasaysayang Pasalita ng Torres High School Class 55 Foundation, 2004–2007.

Zarzuela, Leona. Moriones, Tundo. 19 Agosto 2011.

## Batis Internet

Ambrosio, Dante L. "Batas Militar: 1972–1986, 3 Bahagi.

http://philippinehistory.ph/batas-militar-1972-1986-1-2.

http://philippinehistory.ph/batas-militar-1972-1986-2-2.

http://philippinehistory.ph/batas-militar-1972-1986-3-2. June 24, 2011.

Murphy, Dennis. "David Balondo of Tondo (1922-1988). http://opinion.inquirer.net/inquireropinion/columns/view/20080825-156635/David-Balondo-of-Tondo-1922-1988.

Samahan ng Mamamayan-ZOTO http://www.smzoto.org.ph/1/28/12.

SAMAKANA.http://www.facebook.com/pages/SAMAKANA-Samahan-ng-Maralitang-Kababaihang-Nagkakaisa/255205220904.

10-Pts. Urban Poor Fighting Demands: Mga Kagyat na Kahilingan Tungo sa Rebolusyonaryong Pagbabago. KADAMAY, 21 Marso 2009. http://www.mediafire.com/?2yk3w40nnrd.